gikan sa SILYAB
an dakulang sulo

Oktubre-Disyembre 2020
Taon XLIV Blg. 7

Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol

EDITORYAL




## Makalda sa tingating ang banwang lumalaban! Ipadagos ang pagrebolusyon!

Umaalumpihit na nga sa napakatinding kagutuman, kakapusan at kawalang katiyakan para sa kanilang kinabukasan, minarapat pa ng rehimeng US-Duterte na paulit-ulit na tadyakan ang masang anakpawis. Sa harap ng pagguho ng pandaigdigang ekonomya, pandemya at sunud-sunod na pagbayo ng mga kalamidad, lalong nalalantad ang hibang na pangarap ng pag-unlad at demokrasya na ilinalako ng burgesya at reaksyunaryong estado.

Higit na tumitingkad ang mapagpalayang adhikain ng itinatayong demokratikong gubyernong bayan ng mga rebolusyonaryo. Pinapasan ng masang anakpawis ang mga epekto ng pinakamalubhang pagbagsak ng ekonomya sa buong kasaysayan ng bansa. Samantala, nagpapasasa sa pangungurakot at lalong nalulong sa kapangyarihan ang mga panginoong maylupa, burgesya kumprador at mga amo nitong imperyalista. Upang iligtas ang sarili sa pangangalit ng mamamayan, mas pinasidhi ng reaksyunaryong estado ang

panunupil at pandarahas. Tinutukuran ng pasismo at terorismo ang gumegewang na poste ng paghahari ng rehimen.

Lumpo't naghihingalo na ang ekonomya bago pa man salimbayang humambalos ang pandemyang Covid-19 at *African Swine Flu,* mga superbagyo at iba pang kalamidad. Tiniyak ito ng neoliberal na pundasyon ng pambansang ekonomya. Hindi naisalba ang masang anakpawis mula sa pananalasa ng likhang-tao at natural na sakuna dahil sa taun-taong pagbaba ng badyet para sa serbisyong panlipunan.

Sa halip na harapin sa perspektiba ng mga eksperto sa kalusugan ang pandemya, ginamit na sangkalan ng rehimen ang pagkalat ng Covid-19 para ilagay sa kontrol ng militar at pulis ang buong bansa.

Higit pang pinilay ng mga rinatsadang batas sa liberalisasyon ang sektor ng agrikultura. Saksi ang rehiyong Bikol sa pagdausdos ng kabuhayan ng magsasaka sa pagpapatupad ng *Rice Tariffication Law*, mababang presyo ng mga produktong agrikultural at kawalan ng nararapat na programa sa ayuda para sa kanila. Malawakan ang pagpapalit-gamit ng mga lupaing agrikultural at pangangamkam ng lupa para bigyang daan ang mga dambuhalang dayuhang proyekto at pagmimina.

**"Sa halip na harapin sa perspektiba ng mga eksperto sa kalusugan ang pandemya, ginamit na sangkalan ng rehimen ang pagkalat ng Covid-19 para ilagay sa kontrol ng militar at pulis ang buong bansa."**

Higit na pinalaki ng pananalasa ng militaristang *lockdown* ang pugwang ng kanayunan at kalunsuran. Pinutol ng *lockdown* ang madulas na ugnayan ng ampaw pa ngang industriya at urong na agrikultura. Higit na pinahirap ang kanilang salimbayang pag-iral. Sa halip, sinapsapang *Social Amelioration Program* ang ipinatupad.

Sa pagsasara at pagkalugi ng mga negosyo sa buong daigdig, pumalo ang tantos ng disempleyo sa pinakamababang antas nito. Nawalan ng pagkakakitaan at kabuhayan ang

gikan sa Silyab
an dakulang sulo

Taon XLIV Blg. 7 | Oktubre-Disyembre 2020


Ang Silyab ang rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol. Maaari itong i-download sa: *www.yandex.disk/silyabbikol1976.com*

Bukas ang pahayagan para sa inyong mga ulat koresponsal, artikulo at iba pang kontribusyon. Ipadala ang mga email sa *silyabbikol1976@gmail.com.*

LINALAMAN

| | |
|---|---|
| *Editoryal:* Makalda sa Tingating | 1 |
| Hale Mayon pasiring sa Bulusan | 9 |
| Bakas: Alay sa mga Biktima ng Sapilitang Pagkawala sa Bikol | 12 |
| Taralets Kabataan sa Rebolusyon! | 15 |
| Ulat Koresponsal: Barikada sa ASF | 18 |
| Silyabalita | 20 |
| Produksyon sa Rebolusyon | 23 |
| Kaalamang Medikal | 24 |
| Diwang Rebolusyonaryo | 27 |
| Kurit kang Agipo | 30 |
| Batoy | 30 |

Nel Del Mundo | ndfp73bicol@gmail.com | yandex.com/silyabbikol | Ma Roja Banua
Pat Del Rosario | marojabanua.wordpress.com | gintong_silahis | Gintong Silahis




mga Pilipinong nasa ibang bansa. Nagsara ang mga pagawaan, eskwelahan at mga upisina. Milyong Pilipino sa sektor ng serbisyo at turismo ang nawalan ng kabuhayan. Dahil walang sahod at kita, walang pambili ang masang anakpawis. Walang sapat at makatarungang ayuda para sa manggagawa at mala-manggagawang dati nang umaasa sa isang-kahig isang-tukang pag-iral. Dahil walang libreng *mass testing* nakulong sa mga sentrong bayan at lunsod ang maraming prubinsyano kahit yaong walang sakit o nakahalubilong maysakit. Maraming Bikolano ang inipit sa iba't ibang panig ng bansa at ibayong dagat sa pagsasara at paghihigpit ng mga daungan, paliparan at mga kalsada.

Bago magtapos ang taon, tumama sa rehiyon ang sunud-sunod na bagyo sa bansa kabilang na ang Quinta, superbagyong Rolly at Ulysses. Nagdulot ito ng bilyun-bilyong danyos sa agrikultura at imprastruktura. Lalo pang nabaon sa utang ang mga maralitang pamilya. Kumapit sila sa patalim para dugtungan ang kanilang buhay. Naging pribiliheyo ang pagpapaaral sa kabataan. Ang ilan sa kanila'y piniling magpatiwakal kaysa maging pasanin pa ng kanilang pamilya.

Nakakalbo sa pagretoke ng mga numero at datos si Duterte at ang mga teknokrata ng estado. Sapat at angkop umano ang pagtugon sa pandemya at mga sakuna. Itinutok ang makinarya ng estado upang protektahan ang sarili sa paniningil ng mamamayan at lalo pang itinulak ang pagpapatupad ng mga neoliberal na mga patakaran at pagpapatuloy ng mga dambuhalang proyektong sumusuhay dito.

Pataksil na rinatsada ang mga batas na maliban sa labag sa Konstitusyong 1987 ay buong sigasig na tinututulan ng nagkakaisang hanay ng mamamayan. Isinulong ang mga batas na nagsasaligal at naglalaan ng malaking tipak ng kabang-yaman ng bansa para maging balon ng kurapsyon at sa terorismo ng estado. Tampok ang mataas na *pork barrel* ng mga kongresistang pumirma sa niratsadang *Anti-Terror Law.* Labing-isang bilyon ang napunta sa pangunahing tagapagtulak nitong si Luis Villafuerte, Jr., kongresista ng *2nd district* ng Camarines Sur.

Kasabay ang ilang kongresistang Bikolano sa pagtutulak ng pagbabago ng Konstitusyong 1987 na tinaguriang *economic Cha-Cha.* Idinidikdik nila ang ilusyong para ito sa pagbangon ng ekonomya ng bansa. Sa kabila ito ng mga internasyunal na pananaliksik na nagpapatunay na hindi pakikinabangan ng sambayanang Pilipino at ng lokal na ekonomya ang pagbuyangyang ng pambansang ekonomya sa mga dayuhang mamumuhunan at kanilang mga kasosyong lokal na naghaharing-uri.

Tulad ng lahat ng rehimeng nagtulak ng iba't bang bersyon ng *Cha-Cha*, layunin ng pangkating Duterte na mapalapad at mapalawig pa ang kontrol sa pampulitikang kapangyarihan habang nakukuha ang suporta ng among imperyalista. Sa gitna ng pampulitikang krisis sa buong mundo at sa bansa, titiyakin ng mga maka-kapitalistang pang-ekonomyang konsesyon ang pagbubulag-bulagan ng mga ito habang ipinatutupad ni Duterte ang barbarikong panunupil sa karapatang tao sa bansa.

Binuhusan ng pondo ang pagkitil ng buhay at kabuhayan at nabawasan pang lalo ang pondo para sa pagsasalba ng mga ito. Kasama ang rehiyong Bikol sa mga prayoridad ng rehimen sa kanyang nag-uulol na gera kontra-mamamayan. Sa ilalim ng kumpas ng RTF-ELCAC, ibinuhos ang lahat ng makinarya ng estado para tugisin kapwa ang mga progresibong pwersa at rebolusyonaryong hanay sa kanayunan at kalunsuran. Humambalos ang militarisasyon sa buong panig ng rehiyon. Kinatangian ito ng iba't ibang bersyon ng *focused military operations (FMO), Retooled Community Service Program (RCSP),* pinagsanib na operasyong pulis-militar at todo-opensibang saywar.

Ginawang palaruan ng pinagsanib na operasyong pulis-militar ang mga komunidad ng magsasaka sa Masbate, Camarines Norte, Camarines Sur, Sorsogon at Albay. Lahat ng kanilang operasyon ay dumulo sa mga pinaslang na sibilyan at tinatakang mga kasapi o sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Sa mga hangganan ng magkakatabing prubinsya at sentro ng mga proyektong pang-imprastaktura ilinunsad ang mga FMO at RCSP. Idinulot nito ang ligalig sa mga komunidad, walang pakundangang paglabag sa karapatang tao, at dagdag pang limitasyon sa paghahanapbuhay. Bitbit ng RCSP ang mga pakitang-taong serbisyong panlipunan, pandarahas at dekadenteng kultura. Kapansin-pansing mataas ang kaso ng mga pekeng sumurender at pagdedeklara ng *persona non grata* ng mga barangay at munisipalidad na nilukuban ng iba't ibang tipo ng operasyong militar.

Sa kalunsuran, *death warrant* at hindi na lamang pambabansag ang *red tagging* sa mga progresibong indibidwal at organisasyon. Itinuring itong hudyat ng pulis at militar para lansakang labagin ang kanilang karapatang tao. Ilang lider masa at masang aktibista ang hinuli't ikinulong gamit ang mga iligal na *arrest warrant*. Lahat sila'y tinaniman ng ebidensya. Hindi ligtas sa pamamaslang maging ang mga tapat na lingkod bayan at tagapagtaguyod ng karapatang tao.

Habang nalulunod sa desperasyon ang rehimeng US-Dutere, nananatiling matibay ang muog ng paglaban sa Kabikulan. Kapugay-pugay ang katapangan at dedikasyon ng mga makatao, makabayan at progresibong pwersa at organisasyon sa kalunsuran. Buong sigasig nilang hinarap ang panganib ng kalupitan ng estado.  Sa halip na mabusalan at mangatog ang tuhod, higit silang nagpursige sa paglilinaw sa mga maiinit na isyu sa loob at labas ng rehiyon. Naging malikhain sila sa paglilikha ng mga daluyan para sa hinaing ng mamamayan. Kasabay sila ng buwis-buhay na pagharap ng mga *frontliners* sa epekto ng Covid-19 sa maralitang lunsod at mga komunidad ng mga magsasaka. Nasa unahan sila ng panawagan at paghahatid ng tulong sa mga nasalanta ng sunud-sunod na bagyo. Ipinagtatanggol nila ang karapatan ng mamamayang labanan ang madugong pampulitikang panunupil ng rehimeng Duterte. Buong pagmamalaki nilang pinatunayan na ang pagiging "pula" ay katumbas ng pagsisilbi sa bayan.



Kasabay ng pagkipot ng lunsaran sa ligal na pakikibaka, libong nagmula sa iba't ibang sektor ang lalo lamang nahihikayat na aktibong kumilos sa kilusang lihim sa kanayunan at kalunsuran. Ito ang naging balon ng mga bagong sumpang kasapi ng Partido. Mahigpit nilang pinamunuan ang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kani-kanilang sektor at komunidad. Lumakas ang suporta sa armadong pakikibaka.

Tuluy-tuloy na nailunsad ang mga kampanyang propaganda at edukasyon kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Napahigpit ng

mga gawaing konsolidasyon ang hanay ng masa at ng kanilang Pulang hukbo. Kasabay nito, nakapagsanay ng bagong henerasyon ng mga organisador at propagandista na magbibigay kumpas sa pagsusulong ng digmang bayan.

Napangibabawan ng mga yunit ng BHB ang mga kahirapang dulot ng mga operasyong militar at natiyak na makapaglunsad ng iba't ibang tipo ng taktikal na opensibang bumigwas sa kaaway ng mamamayan. Sa kabila ng mga tangkang konstriksyon ng militarisasyon sa iba't ibang panig ng rehiyon, nagawa ng mga larangang gerilya na panatilihin ang kanilang lawak, at nabawi ng mga dating naiwan. Patuloy na nakapagrekluta sa hukbong bayan at nakapagbuo ng dagdag na yunit. Ilang matitingkad na aral ang maaaring mahalaw sa mga depensibang labanan na mabilis na naipihit tungo sa kontra-opensiba. Nagresulta ito sa kaswalti sa hanay ng kaaway, pagsamsam ng gamit militar, at ligtas na pag-atras ng mga kasama. Ilang mga labanan ang dapat na pag-aralang mabuti para maiwasang maulit ang hindi kinakailangang pinsala.

Binigo ng mamamayang Bikolano ang tangka ng rehimeng Duterte na durugin ang rebolusyonaryong diwa't pagpupunyagi. Sa halip na magkawatak-watak, higit na tumingkad at nanariwa sa mga Bikolano ang katutubong diwa ng pagtutulungan at kolektibong pagkilos. Sa iba't ibang mga prubinsya, natural na naitayo ang mga kulumpon ng sama-samang produksyon. Naging huwaran ang mga grupong tulungan na pinamumunuan ng Partido sa pagtugon hindi lamang sa kakapusan sa pagkain kundi pati sa pagbibigay ng libreng serbisyong medikal, pagkakalap ng materyales para muling maitayo ang mga kabahayang nasalanta ng bagyo at pagsasaayos ng ligtas na maiinom na tubig sa kanilang lugar. Patunay ito na sa pamamagitan ng pag-asa sa kanilang sariling pagkakaisa at lakas at pagtatayo ng sariling gubyerno maibabangon ng Pilipinong anakpawis ang kanilang sarili.

Ngunit ang mga aral at praktika ng pag-angkop, at sa ilang pagkakataon, pagsulong, nitong nakaraang taon ay hindi pa nakakasapat. Habang papatindi ang desperasyon ng rehimeng Duterte na mangunyapit sa poder at takasan ang kanyang pananagutan, desperado rin nitong kakapitan ang mga natatanging armas ng isang pasistang diktador. Haharapin ng mamamayang Pilipino hindi na lamang ang pangil ng tiraniya at pasismo ng rehimeng Duterte. Sisiguruhin ng nag-aagawang imperyalistang US at Tsina na kumpleto ang armas ng rehimen, mula sa kagamitang pandigma hanggang sa pagmamanipula sa pulitika, para maituloy ang pagpapatupad ng neoliberal na mga patakaran at manatili ang sistemang mala-kolonyal at malapyudal.

**"Patunay ito na sa pamamagitan ng pag-asa sa kanilang sariling pagkakaisa at lakas at pagtatayo ng sariling gubyerno maibabangon ng Pilipinong anakpawis ang kanilang sarili. "**


Nasa panganib ang soberanya sa pagkain ng bansa kaya't nagbabadya ang higit pang kagutuman at kahirapan. Walang programa sa pagbabangon ng nasalantang sektor ng agrikultura, sa halip, lalupang aasa sa importasyon ng mga batayang produkto ang gubyerno para tugunan ang kakapusan ng suplay ng mga ito sa bansa. Lalong sisirit ang presyo ng mga pangunahing bilihin sa bansa.

Lumuwag man ang *lockdown* at magsimula mang gumulong ang komersyo, ipauuna ng mga kapitalista ang pagbabawi sa nawalang kita at tubo ng kanilang mga negosyo. Nangangahulugan ito ng pagpiga sa mga manggagawa at mga propesyunal. Higit pang lalaganap ang kontraktwalisasyon, hindi makataong kundisyon sa paggawa, mababang pasahod, pinahabang oras ng pagtratrabaho at pagbabawal sa pagtatayo ng mga samahan at unyon.


Patuloy pang kakalat ang Covid-19 at iba pang nakakahawang sakit dahil ipapapasan ng gubyerno sa mamamayan ang pagtitiyak ng kanilang sariling kagalingan at kalusugan.

Higit ang hamon para sa Partido na pamunuan ang paglaban ng mamamayan at itulak ito tungo sa mga pagkakamit ng mga pag-igpaw sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Itutulak ng walang pag-aalinlangan at matapat na rebolusyonaryong pagpupunyagi ang diwang mapanlaban ng mamamayan. Mahusay na kumbinasyon ang paggamit ng mga wasto at mapanlikhang estilo ng pamumuno at pagpapatupad sa mapangahas at sustenidong pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayan.

Kagyat na hamon sa mamamayang Bikolano na hindi lamang pitikin, kundi yugyugin, ang pundasyon ng pampulitikang kapangyarihan ng mga sagadsaring naghaharing-uri sa rehiyon habang kinakabig ang ilang naliliwanagan at makabayang mga elemento ng reaksyunaryong estado. Upang mapakilos ang daan-daang libong baseng masa sa rehiyon at higit pa itong palawakin para sumuporta sa armadong pakikibaka, napakahalaga ng matalas na pampulitikang pandama. Ito ang susi para mailunsad ang mga nararapat at naaangkop na kampanyang anti-imperyalista, anti-pyudal, at anti-pasista.  Ito ang pwersang sisingil at magpapanagot sa mga alipures ni Duterte sa rehiyon na tiyak magpapahina sa kanyang pambansang pampulitikang kapangyarihan. Ito ang ambag sa pambansang layuning pabagsakin ang pangkating Duterte at mga susunod pang rehimeng tatayo sa pundasyon ng papaguhong sistema.



Tanging sa pamamagitan ng pagpapalakas ng armadong pakikibaka maaagaw ng uring anakpawis ang kapangyarihang pampulitika mula sa kamay ng naghaharing uri. Sa pamamagitan ng pag-aarmas sa mamamayan at pagpapahigpit ng kanilang kapit sa isang makauring digma malulutas ang siklo ng kalupitan at karahasan ng estado. Hamon sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa at yunit ng Bagong Hukbong Bayan ang pagbabalangkas at pagsasakatuparan ng mga plano sa aktibong depensa at opensiba sa bawat larangang gerilya upang pigilan ang pananalasa ng mga operasyong militar at operasyong panlilinlang. Sa pamamagitan ng masinop na pag-aaral sa kapasidad at galaw ng kaaway epektibong mabibigwasan ang kaaway. Gamitin ang pagkabisa sa pisikal at pulitika na tereyn sa pagkukumbina ng atritibo at anihilatibong taktikal na opensiba upang mabigo ang plano sa kontriksyon, makasamsam ng mga gamit militar, at pahinain ang moral ng mersenaryong hukbo. Tangan ang mulat na bakal na disiplina, tamang manera ng pagkilos at katuwang ang mga sangay ng Partido sa lokalidad higit na makapagpapalakas ang rekrutment sa Pulang hukbo.■




**-9.5%**

Pinakamababang naitalang GDP ng Pilipinas mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Pinakamalaking pagbagsak ng Gross Domestic Product (GDP) sa Southeast Asia

**2.6 milyon**

Nawalan ng trabaho noong 2020 dahil sa pandemya




**bumagsak sa 39.4 milyon**

Nawalan ng trabaho noong 2020 dahil sa pandemya

**682,000**

katao lamang ang nangibang-bayan sa una hanggang ikatlong kwarto ng 2020. Mababa ito nang 60% kaysa nakaraang taon.




**29.7 milyon**

Pilipino ang kumikita ng mababa kaysa P71 kada araw.
*(Philippine Institute for Development Studies)*

**2.6-3.2 milyon**

pamilya ang nasaid ang ipon sa panahon ng pandemya.
*(BSP Consumers Expectations Survey)*



**6.3% ng GDP**

lamang ang ginastos para sa pagtugon sa Covid-19

**417,650**

lamang sa 1.57 milyong target na benepisyaryo ang aktwal na nakatanggap ng ayuda. *(Enero 2, 2021)*

**1.97 milyon**

lamang sa 3.4 milyong pormal at impormal na manggagawa at OFW ang nabigyan ng ayuda. *(Enero 2, 2021)*

**5,324 aplikasyon sa pautang**


para sa maliliit at katamtamang laking negosyo pa lamang ang pinoproseso. *(Enero 2, 2021)*

Para sa taong 2021,

**P1.1 trilyon**

ang ibubuhos na pondo para sa imprastruktura.





Samantala,

**P82.5 bilyon**

lamang ang nakalaan para sa bakuna.

## Ang pondo para sa bakuna ay manggagaling sa:

**P2.5 bilyon**
mula sa 2021 programmed funds

**P70 bilyon**
mula sa unprogrammed funds na malamang manggaling sa pangungutang

**P10 bilyon**
mula sa Bayanihan 2 Act

## Mga Batas at Atas na ilinulusot ng rehimeng Duterte sa Panahon ng Covid-19 (2020-Pebrero 2021)

Anti-Terror Act

Covid-19 Vaccination Program Act of 2021

Bayanihan Act 1,2, at 3

Balik Probinsya, Bagong Pag-Asa Act

Corporate Recovery and Tax Incentives Reform for the Economy (CREATE) Act

New Normal Policy Act

Covid-19 Unemployment Recover Economic Stimulus (CURES) Act

Pagpapataw ng dagdag 10% buwis sa produktong petrolyo (EO 113)

New Normal Bill (HB 6623)

Pagpapalawak ng saklaw ng programang pagpapasukong Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP) (AO 25)

Hungkag na Amnesty Program para sa mga rebeldeng grupo (Proc. 1090-1093)

National Land Use Bill (SB 1522)

## Tampok na mga ribalan sa hanay ng mga burukrata

Pres. Rodrigo Duterte
vs.
VPres. Leni Robredo

Allan Peter Cayetano
vs.
Lord Allan Velasco

Pres. Rodrigo Duterte
vs.
Liberal Party

Pres. Rodrigo Duterte
vs.
mga pinararatangang 'narco-politicians'

VPres. Leni Robredo
vs.
Bongbong Marcos

## RBH 2 (Economic Cha-cha)

**Proponent: House Speaker Lord Allan Velasco**

Pinakabagong bersyon ng pagbabago ng Konstitusyon


**Iba pang mga bersyon ng Cha-cha:**

- RBH 8
- Panukala ng League of Municipalities
- Panukala ng Inter-Agency Task Force on Constitutional Amendments
- RBH 15

AKO Bicol Partylist Representative
**Alfredo 'Pido' Garbin**

Sa ilalim ng kanyang panunungkulan bilang Constitutional Amendments Committee Chair, unang beses na nakalusot sa House Committee ang panukalang Cha-cha.

## Nagpapatuloy ang pasistang diktadura sa gitna ng pandemya



**192 kaso**
paglabag sa karapatang tao sa rehiyon
*(Enero-Disyembre 2020)*

**38 kaso**
ekstrahudisyal na pamamaslang sa rehiyon
*(Enero-Disyembre 2020)*

**41 bayan**
sa rehiyon ang nasa ilalim ng RCSP
*(2018-2020)*

## Hale Mayon pasiring sa Bulusan: An Pakikibaka kan mga Paraoma sa Habagatan

*(Ito ay ikalawang bahagi sa serye ng mga kasong aralin hinggil sa kalagayan ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa anim na prubinsya ng Kabikulan)*

Puno ang mga pahina ng kasaysayan ng Kabikulan ng buhay at pakikibaka ng mga magsasaka sa anim na prubinsya nito. Matingkad sa mga kwentong ito ang tunggalian ng mga uri - ang mga uring inaapi at pinagsasamantalahang walang kapagurang lumalaban sa pwersa ng iilang naghahari-harian. Sadyang kakambal ng mga salaysay na ito ang sukdulang karahasan ng mga naghaharing uri at ang katapat nitong armadong pakikibaka ng mamamayan.

Mula pa sa panahon ng pananakop ng Espanyol, dinanas na ng masang Bikolano ang pait ng pasismo at terorismo ng estado bilang pangunahing instrumento ng pagpapasunod sa kanila at pagpigil sa paggigiit nila ng mga kalayaang sibil at karapatan. Kinamkam ng mga naghaharing uri sa panahong iyon ang kanilang mga kalupaan at ang katas ng kanilang mga pinaghirapan, ginahasa ang mga kababaihan at sapilitang pinagtrabaho ang mga kalalakihan. Minasaker ang mga bata at matatanda. Tinugis at pinagbawal ang pagsapi sa mga *Cimarrones, Remontados* at iba pang mga rebolusyonaryong Bikolanong binansagang tulisan at bandido ng pamahalaan ng Espanya. Ngunit buong pagpupunyagi pa ring pinag-alab ng masang Bikolano, laluna ng mayoryang hanay ng mga magsasaka, ang sulo ng armadong paglaban hanggang sa tuluyang mapaalis ang mga mananakop.


Ang Albay at Sorsogon na kapwa matatagpuan sa bahaging Timog ng rehiyon ay mayaman sa ganitong natatanging mga karanasan magpasahanggang ngayon - terorismo ng estadong tinutumbasan at binibigo ng armadong pakikibaka ng mamamayan.

### Batas at dahas: instrumento ng panunupil at pagsasamantala

Kahit sa gitna ng nakapanlulumong epekto ng mga pandemyang Covid-19 at *African Swine Flu,* mga bagyo, lindol at iba pang sakuna, hinahagupit pa rin ang mga magsasaka ng bagsik ng neoliberalisasyon at gera kontramamamayan ng rehimeng Duterte.

Sa Albay, kung saan pagtatanim ng palay ang isa sa mga pangunahing kabuhayan, nauna nang dumausdos ang presyo ng mga produkto matapos ipatupad ang *Rice Tariffication Law* noong 2019. Umaabot na lamang sa P7 hanggang P10 ang halaga ng isang kilo ng sariwang palay ng mga magsasaka habang nakapako pa rin sa lampas P50,000 ang gastos sa produksyon sa bawat siklo ng pagtatanim. Sa Sorsogon naman kung saan pagkokopra ang pinagkakakitaan ng mayorya ng populasyon, P17 lamang ang isang kilo ng kopra samantala umaabot sa P17,000 hanggang P19,000 ang gastos sa produksyon. Patuloy ding binabarat ang produkto ng mga mangingisda sa dalawang prubinsya habang sumisirit pa rin ang presyo ng krudo kahit sa gitna ng krisis.

Ang kahirapang dati nang dinaranas ng mga masang anakpawis sa lugar na dulot ng



matagal nang pagpapatupad ng mga neoliberal na batas ay higit na lumala. Nang ipataw ang militaristang Covid-19 *lockdown,* maraming magbubukid ang nahirapang magsaka dahil sa hirap ng transportasyon ng *farm inputs* at ng kanilang mga produkto patungo sa mga bayan at sentrong lunsod. Gayundin, hindi makapangisda ang mga pamalakaya dahil pinagbawal ang pamamalaot sa panahon ng *lockdown.*

Nang tumama ang sunud-sunod na superbagyo sa huling bahagi ng taon, nalusaw ang inaasahan nilang ani at naperwisyo ang mga pananim na niyog at palay. Ilang taon din ang bibilangin bago makabawi ang mga pananim na ito. Hindi rin nakapalaot ang mga mangingisda. Lampas P1.16 bilyon ang pinsalang dulot ng tatlong pinakamalalakas na bagyo noong 2020 sa sektor ng agrikultura ng Albay habang lampas P320 milyon naman ang sa Sorsogon.

**"Tulad ng kalagayan sa rehiyon at buong bansa, walang ni singkong duling na ayudang natanggap ang mga naapektuhang magsasaka at mangingisda sa mga nabanggit na prubinsya."**

Marami sa maliliit na magsasakang Albayano at Sorsoganon ang napilitang magsangla o magbenta ng kanilang mga lupain. Ang mga tenante ay nabaon sa utang kapwa sa mga usurero at sa mga may-ari ng kanilang lupang sinasaka. Marami ring manggagawang bukid at mangingisda ang nawalan ng trabaho at hindi makahanap ng iba pang mapapasukan. Tulad ng kalagayan sa rehiyon at buong bansa, walang ni singkong duling na ayudang natanggap ang mga naapektuhang magsasaka at mangingisda sa mga nabanggit na prubinsya.

Ngunit hindi nagtapos dito ang delubyo ng mga magsasaka. Kasama sa tinarget at pinokusan ng nag-uulol na kontramamamayang gera ni Duterte ang dalawang prubinsya. Sa pamumuno ng *Joint Task Force Bicolandia, 9th IDPA, PNP Region V* at iba pang ahente ng pasismo ng estado gaya ng *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC),* nakapagtala ng aabot sa 86 bilang ng paglabag sa karapatang tao sa Albay at Sorsogon para sa taong 2020. Kabilang dito ang 17 bilang ng ekstrahudisyal na pamamaslang. Karamihan sa mga biktima ay mga sibilyang magsasaka. Tampok sa mga pamamaslang ang karumal-dumal na masaker sa limang magsasaka sa Brgy. Dolos, Bulan, Sorsogon noong Mayo 8, 2020 at ang brutal na pamamaslang sa mga upisyal ng barangay na sina Brgy. Capt. Luzviminda Dayandante at Brgy. Treasurer Albert Orlina ng Brgy. Batbat, Guinobatan, Albay noong Setyembre 21, 2020. Sina Dayandante at Orlina ay mga hinahangaang lider ng barangay at labis na ipinagluksa ng kanilang mga pinamumunuang residente dahil sa kanilang matatag na paninindigang ipagtanggol ang komunidad laban sa militarisasyon.

Hindi rin bababa sa siyam na bayan ng dalawang prubinsya ang sinaklaw ng mga *Retooled Community Support Program (RCSP).* Tinutukoy ng RCSP ang okupasyong militar sa mga komunidad at baryo. Tulad ng mga naunang programa rito, gumagamit din ang RCSP ng mga operasyong *triad* (saywar, kombat at intel) na ang ultimong layunin ay pakitirin ang baseng masa at pagkaitan ng suporta ang BHB, pigilan ang organisadong paglaban ng masa at ilayo ang kanilang loob sa landas ng pagrerebolusyon.

Dinidiinan ang 'pagpapasuko' ng buu-buong mga komunidad na iniuugnay sa rebolusyonaryong kilusan kasabay ng pang-aagaw ng kanilang lupa. Sinasabayan din ito ng mga pakitang-taong proyekto at serbisyo. Isa rito ang *Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP).* Ito ang pinakamalaking programang pagpapasurender ng rehimeng Duterte.

Nagtatagal ang okupasyong militar ng ilang buwan hanggang kalahati o higit isang taon. Dulot nito, limitado ang karaniwang gawain ng mga residente kabilang na ang pagtatanim sa kanilang mga sakahan at pagpunta sa kanilang mga hayupan at iba pang kabuhayan.

Ang mga operasyong RCSP ay binigyang pangil ng EO 70, isa sa mahabang listahan ng mga teroristang atas ni Duterte na kumokopo sa sibilyang kapangyarihan ng gubyerno para

sa interes at layunin ng militar. Inobliga ang sibilyang gubyerno at mga institusyon na 'suportahan' ang malalawakang operasyong militar. Binigyang laya ang militar na panghimasukan, at kontrolin na nga, ang tungkulin ng mga lokal na yunit ng gubyerno.

Bagamat napakatindi ng dinaranas na pagpapahirap at pasismo ng masang Albayano at Sorsoganon, nananatili silang tapat sa kanilang dakilang tradisyon ng paglaban at pagbangon. Sa maraming bahagi ng naturang mga prubinsya, patuloy na nagsusulong ang mga organisasyong masa ng iba't ibang antas ng anti-pyudal at anti-pasistang kampanya. Walang humpay na nananawagan at iginigiit ng masang anakpawis ang kanilang mga karapatan at demokratikong interes laluna sa gitna ng sunud-sunod na bigwas ng pandemya at mga kalamidad. Higit dito, hindi nagmamaliw ang kanilang paniningil sa papet at inutil na rehimeng Duterte na siyang pinakamapaminsalang sakuna sa lahat.



Tinutumbasan ng PKP sa rehiyon ang pagsisikap na ito ng organisadong masa ng higit pang masaklaw at malaganap na pagrerekluta ng kasapian ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa, pagtatayo ng mga ganap na samahang masa hanggang sa mga komiteng rebolusyonaryo mula baryo hanggang munisipyo at pagpapahusay ng pag-iral ng Pulang kapangyarihan sa mga eryang sinasaklaw.

Parami rin nang parami ang mamamayang nagbabangon at bumabagtas sa landas ng armadong pakikibaka. Ibinunga nito ang walong taktikal na opensibang bumira sa hanay ng kaaway ng mamamayan. Tampok sa mga ito ang ilinunsad na ambus ng Santos Binamera Command - BHB Albay laban sa pwersa ng 31st IBPA, yunit na nasa likod ng masaker sa Dolos, noong Enero 17, 2021 sa Brgy. Banquerohan, Legazpi City, Albay. Napaslang sina Cpl. Joemar Maravilla, PFC Ronald Zamora at PFC Reymar Palencia at nasugatan naman si Sgt. Ferdinand Ignas. Nakasamsam din ng tatlong armas ang mga kasama. Ang pinaglunsaran ng ambus ay kalapit lang ng kampo ng *91st Division Reconnaissance Company.*

Sa paglipas ng panahong linulustay ng iilan ang rekurso ng dalawang prubinsya sa pamamagitan kapwa ng batas at dahas, umabot ang kahirapan ng mga magsasakang Albayano at Sorsoganon sa karima-rimarim na antas nito sa kasalukuyan. Ngunit hindi ito nangangahulugang hahayaan na lamang ng mamamayang Bikolano na manatiling aba ang kanilang kalagayan. Gaya ng mga bulkang Mayon at Bulusan, patuloy na nag-aalab ang diwang palaban ng mga paraoma at ng lahat ng masang anakpawis. Hindi magtatagal, sasambulat at gugulantang sa naghaharing-uri ang nag-uumapaw na galit ng mga inaalipin ng bulok na sistemang malapyudal at malakolonyal. ■

## Bakas: Alay sa mga Biktima ng Sapilitang Pagkawala sa Bikol

Lahat ng tao ay mayroong iniiwang bakas sa mundo. Ngunit ang bukod-tangi sa mga ito ay yaong ipinagpapatuloy ng iba. Ito ang mga bakas ng paang tumahak mula sa masusukal na kagubatan ng kanayunan hanggang sa malalawak na lansangan ng kalunsuran upang makipamuhay at makiisa sa masang api't pinagsasamantalahan. Ito ang mga bakas na hindi mapapatag, mabubura o matatabunan ng mga alon o malalakas na hampas ng tubig. Ito ang tipo ng bakas na iniwan nina Julito Potentado, Nona Sta. Clara at Rogelio "Ka Mading" Calubad.

Iilan lamang sina Julito, Nona at Ka Mading sa mga ama, anak at rebolusyonaryong dinukot ng reaksyunaryong estado sa pag-aakalang maibabaon sa limot ang kanilang mga ambag sa kilusang masa kapag sila'y nawala na. Ngunit kabaligtaran nito ang nangyari. Hindi nagsasawa ang kanilang mga kamag-anak, kanilang mga nakatrabaho at ang buong sambayanang Pilipino sa paghahanap sa kanilang mga katawan at paghahangad ng katarungan para sa kanilang pagkawala. Ang kanilang mga alaala, mga ambag, kwento, aral, mga pagkakamali at pagsisikap na magwasto - ang mga alaalang hindi mabubura ninuman. Ito ang mga bakas na ngayo'y susundan, paghahalawan ng inspirasyon at mapagpasyang ipagpapatuloy ng kasalukuyan at mga susunod pang henerasyon upang ipagtagumpay ang digmang bayan.

### Ama, Kapatid, Lider-Masa: Julito Potentado

Isang karaniwang magsasaka si Julito Potentado, tubong Oas, Albay at residente ng Lagonoy, Camarines Sur. Lubog sa simpleng pamumuhay, may-ari siya ng maliit na niyugan at taniman ng palay. Kilala siya sa baryo bilang masigasig na organisador at lider-masa.

Kalagitnaan ng Marso 2004 nang nagkandaugaga ang kanyang pamilya na bumalik sa prubinsya matapos malamang siya ay dinukot ng mga CAFGU at militar at hindi pa rin nahahanap.


*"Buwan ang inabot bago mahanap ang bangkay niya,"* ani ng isang kamag-anak ni Julito.

*"May isa pa ngang katawan na nahanap sa gitna ng gubat, nakita na lang dahil nakausli ang tuhod at mababaw lang ang pagkakabaon sa bangkay."*

Isa si Julito sa mahigit 20 sibilyang dinukot, sapilitang iwinala at pinaslang ng 42nd IBPA sa ikatlong distrito ng Camarines Sur mula Marso hanggang Abril 2004. Kabilang sa mga dinukot noong panahong ito sina Jaime Rodriguez, Isiderio Delos Santos, Domingo Jamata, Resty Jamata, Emilio Delos Santos, Ariel Candelaria, Wilfredo Velarde, Joseph Carlote, Nestor Broqueza, Diosdado Portillo, Virgie Vermin, Chito Indigo, Gilbert Quilingan, Randy Quilingan, Rodolfo Caganda, Samuel Magracia, Bernadeth Barcenilla, Levy Caganda, Joel Guillan, isang nagngangalang Soriano at tatlong iba pa. Ilan sa kanila ay bangkay nang natagpuan. Karamihan, hindi na natagpuan kailanman.

Linusob ng AFP-PNP-CAFGU ang mga baryo sa Camarines Sur para isakatuparan ng Oplan Bantay Laya (OBL) ng rehimeng US-Arroyo. Sa iisang buwan lamang, nakapagtala ang Silyab ng mahigit 500 biktima ng paglabag sa karapatang tao sa mga bayan ng Tinambac, Goa, Lagonoy, Garchitorena, Caramoan at Presentacion.

*"Noong panahon ng OBL, nagkalat ang militar dito sa baryo namin. Dinudukot ng mga*



*militar ang mga 'utusan' daw ng NPA. Mini-missing. Pinapasok din nila ang mga bahay, kinukuha ang mga gamit, ninanakaw. Pati ang mga hayop, kinakatay nila. Pinapalabas nila ang may-ari ng bahay. At kapag pinatawag ka para sa interogasyon at mali ang naisagot mo, totortyurin ka nila. Hanggang ngayon naman, ganoon ang ginagawa nila,"* ani Manoy Lim, isa sa mga kapwa lider-masa ni Julito mula sa ibang bayan.

Halos dalawang dekada na ang nakalipas, bitbit ang alaala at kasigasigan ni Julito, patuloy na kumikilos si Manoy Lim at iba pa nilang kababaryo para sa kanilang mga karapatan at kagalingan.

**Ama, Kumander, Rebolusyonaryo: Rogelio 'Ka Mading' Calubad**

*"Simple lang. Matipuno! Nasa 50 anyos na yata siya noon. Una namin siyang nakita habang nagbibigay ng pag-aaral hinggil sa force reconnaissance team at paano gumagalaw ang mga intel sa loob ng kagubatan. Kapansin-pansin ang tikas ng kanyang tindig! Tahimik lang siya, pero hindi mahiyain,"* pagsasalarawan ni Ka Mina, isa sa mga Pulang mandirigmang nagpultaym noong 2001 at nakatrabaho ni Rogelio 'Ka Mading' Calubad.

Isa si Ka Mading sa mga nagpunla ng mga unang binhi ng rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan. Nagmula siya sa uring magsasaka. Sa mga unang taon niya bilang Pulang mandirigma, nagsilbi siyang *courier.* Naging bahagi siya ng mga unang kumpanya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bikol. at kalaunan, tumayong kumander ng Panrehiyunal na Operasyong Kumand ng Bikol. Taong 2000 nang maitalaga siyang kalihim ng *Bicol Regional Party Committee* at konsultant ng NDFP.

Tunay na isinabuhay ni Ka Mading ang pagiging Pulang kumander - malikhain, mapagkasama, mapangahas. Sa larangang militar, tinuturuan niya ang mga mandirigmang maging alerto. Kabilang na rito ang pagtitiyak na magkaroon ng *dry run* upang maihanda ang buong yunit sa mga atake ng kaaway. Ngunit mahigpit man sa disiplina, malapit sa kanyang



**"Tunay na isinabuhay ni Ka Mading ang pagiging Pulang kumander - malikhain, mapagkasama, mapangahas."**

tropa si Ka Mading. Bitbit niya ang pagiging malambing na tatay at lolo kahit sa kanyang tropa. Hanggang ngayon, naaalala pa rin ng kanyang mga nakasalamuha ang hilig niyang magluto ng tikoy at angko tuwing may okasyon. Tinitiyak niya ring matandaan ang kaarawan ng kanyang mga Pulang mandirigma.

Hindi rin nagpapatalo si Ka Mading sa gawaing pangkultura! Aktibo siyang kumakanta, tumutula at naggigitara mayroon man o walang okasyon.

*"Si Ka Mading ang isa sa mga nagpalaki sa akin dito sa rebolusyonaryong kilusan. Masinsin siyang magpaliwanag ng sitwasyon sa bawat sulat at tagubilin. Hahayaan ka niyang magalit at umiyak kapag mayroon siyang ipupuna sa iyo. Kapag nagagalit naman siya, nanginginig ang boses niya pero matalas pa rin,"* dagdag pa ni Ka Mina.

Dinukot si Ka Mading, kasama ang kanyang anak na si Gabriel, noong Hunyo 17, 2006 sa Brgy. Guinyangan, Calauag, Quezon. Ayon sa mga nakasaksi, ginitgit ng isang van ang sinasakyan nilang motorsiklo kaya tumilapon si Ka Mading. Agad siyang pinosasan at isinakay sa *van*, samantala isinakay naman sa kasunod na motorsiklo si Gabriel. Makailang ulit na iginiit ng AFP at PNP na wala silang



**"Gayunpaman, hanggang ngayon, kinikilala si Nona bilang sagisag ng isang iskolar na lumubog, nakipamuhay at tunay na nagsilbi sa sa interes ng masang api at pinagsasamantalahan. "**

kinalaman sa pagkawala ng biktima. Hindi pa rin nahahanap ang katawan ng dalawa. Kabilang ang insidenteng ito sa sunud-sunod na pandurukot sa mga konsultant ng NDFP na naganap noong 2006.

### Iskolar, Social Worker, Guro ng Mamamayan: Nona Sta. Clara

*"Inaanggotan nga ni Nona ang kaupisina mi kato kapag ginagadan an electricfan gamit an bitis,"* natatawang kinwento ni Maria, isa sa mga nakatrabaho ni Nona Sta. Clara, tanyag na Bikolanong iskolar noong dekada 80 at aktibista ng Sigwa ng Unang Kwarto. Mananaliksik siya ng E*cumenical Center for Research and Development.*

Propesyunal at mapangahas - ganito isinasalarawan si Nona ng kanyang mga nakatrabaho at nakasalamuha bilang guro at *social worker*. Mula sa Tigaon, Camarines Sur, kilala si Nona bilang isang iskolar. Mahilig magbasa ng mga libro, magbahagi ng mga natututunan niya mula sa mga ito at magsaliksik tungkol sa kalagayan ng lipunan. Hindi kataka-takang lumaki man siyang mayroong maalwang buhay, mabilis na napalapit ang kanyang puso sa masang anakpawis.

*"Si Nona ang tipo ng taong hindi mo aakalaing aktibista. Nakilala ko siya na nagpapa-parlor, may sastreng taga-gawa ng damit niya at mayroong kasambahay. Pero tinalikuran niya ang uri niya. Sa mga pagkakataong inaaya siya ng kanyang mga magulang na mag-aral o magtrabaho sa ibang bansa, lagi't lagi niyang pinipiling manatili at magsilbi sa mamamayang Pilipino,"* dagdag ni Maria.

Walang kapaguran si Nona bilang organisador. Bilang guro sa *Bicol University,* dinadala niya sa mga komunidad ng maralitang tagalunsod ang kanyang mga estudyante. Sa kanyang mga katrabaho, lagi siyang mamimigay ng mga pampulitikang babasahin at magbabahagi ng kanyang nalalaman mula sa mga nabasa na niya. Lahat ng kanyang pananaliksik ay isinagawa alang-alang sa pagmumulat ng malawak na masang Pilipino at pagpukaw sa kanilang diwang lumaban para sa kanilang mga karapatan.

*"Tatanungin niya kami dati, 'Ito ang mga sakit ng lipunan - ang pyudalismo, burukrata kapitalismo at imperyalismo. Ano ang dapat gawin para maibagsak ang mga ito?' "*sabi ng isa sa kanyang mga naging estudyante. Matiyagang ipinapaliwanag ni Nona kung bakit mayroong mga tumatahak sa landas ng armadong pakikibaka. Aniya, kabalintunaang ideklara ng isang taong nais niyang isulong ng demokratikong rebolusyong bayan nang hindi naniniwala sa papel ng armadong pakikibaka.

Dinakip si Nona at ang iba pa niyang kasamahan, kabilang na ang abogadong si Angelica Llenareses noong 1989. Makalipas ang 30 taon ay hindi pa rin sila nahahanap.

Gayunpaman, hanggang ngayon, kinikilala si Nona bilang sagisag ng isang iskolar na lumubog, nakipamuhay at tunay na nagsilbi sa interes ng masang api at pinagsasamantalahan. Ang mga alaala at ambag ni Nona ay hamon para sa bawat iskolar at propesyunal na gamitin ang kanilang mga kakayahan sa interes ng mamamayan.■

## Taralets Kabataan sa Rebolusyon!

Ang mga kabataan tulad nina Andres Bonifacio at Jose Rizal ang nagsimula ng rebolusyon sa ating bansa. Ang kabataan din gaya nina Jose Ma. Sison, Charlie Del Rosario at iba pa ang nagtatag muli ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Mapusok, matalino, mapangahas, mapagtuklas, matapang at malikhain, ito ang kabataang Pilipino. Sila ang rebolusyonaryong muhon kung bakit ang ating Partido at rebolusyon ay nagpapatuloy at lalo pang lumalakas. Dahil sa kanilang galing at angking tapang, patuloy pang dumarami ang kabataang sumasapi sa PKP at BHB upang isulong ang pagpapalaya sa mga dinuduhaging mamamayang Pilipino sa kamay ng imperyalismo.

### Kasamang Layla



*"Mula nang ipanganak ako, planado na ang buhay ko. Solong anak kasi ako at maaga pa lang, linatag na ng mga magulang ko ang mga kinakailangang hakbangin para sa kinabukasan ko. Nariyan ang pag-aral sa mahusay na paaralan, matutong kumanta at tumugtog ng mga instrumento at pagbyahe sa iba't ibang lugar dito sa Pilipinas pati na sa ibang bansa,"* kwento ni Layla isang *fulltime* na hukbong babae, 26-taong gulang at nagmula sa uring pambansang burgesya.

Tunay na nasa kanya na ang lahat, ano pa nga naman ba ang hahanapin niya? Plinano din ng kanyang mga magulang na makapag-aral siya ng abugasya. Kinondisyon nila si Layla sa pagbabasa ng mga ligal na dokumento para magkahilig siya rito.

*"Napag-aralan ko kung ano ang buwis at minsan tinanong ko sila kung bakit kami nagbabayad nito at kung saan ito napupunta."*

Dito nagsimula ang kanyang pag-uusisa tungkol sa kung paano ginagawa ng gubyerno ang kanilang tungkulin.

Sa kolehiyo, naging manunulat siya sa pahayagan ng unibersidad. Naging kasapi din siya ng organisasyon ng kabataang estudyante pero hindi siya nakapagtuluy-tuloy sa pagiging aktibo dahil lagi siyang may ibang gawain. Sa Law School, naging bahagi siya ng isang organisasyon ng mga boluntir na abogado at mga *law students.* Namulat siya sa kalagayan ng mahihirap nang magbigay sila ng *free legal assistance* sa isang komunidad ng mga maralitang lunsod sa likod ng isang sikat na *mall.* Naisip niyang paano makakakuha ng hustisya ang mga mahihirap kung wala silang kakayanang magbayad ng abugado.

Lalo siyang nadismaya nang sa isang porum sa kanilang paaralan ay nagbahagi ang isang bantog na abugado at dating ministro ni Marcos ng kanyang kadalubhasaan sa pagresolba ng kaso ng kanyang mga kliyente. Ikinuwento nito ang paggamit niya ng kanyang pusisyon para i-abswelto ang kaso ng kanyang kliyente.

*"Galit na galit ako noon!"* nanggigigil niyang ikinwento habang inaalala ito.

*"Tinanong ko ang isang propesor kung paano ba tumalima sa panawagan ng kolehiyo naming maging masunurin sa batas, samantalang wala akong nakikitang puwang dito para sa aking aktibismo. Sinagot niya ako na mawawala din ang pagiging ideyalista ko. Hintayin ko lang na makagradweyt ako at makapagtrabaho bilang isang corporate lawyer. Lalo akong na-challenge. Dun pa lang nagdesisyon na ako maging aktibista at mag-drop out ng Law School."*

Alam ng mga magulang niya ang pag-alis niya sa pag-aaral ng abugasya at pagpultaym bilang aktibista. Bagamat hindi nila ito gusto, sinuportahan pa rin nila ang kagustuhan niyang mag-aktibista.

*"Nang mag-decide na akong mag-fulltime sa kanayunan, umiyak ang mommy ko. Hindi ko siya masisi kasi nag-iisang anak nila ako ni daddy. Ganoon pa man nanaig ang desisyon ko. Kaya heto ako ngayon, isa nang hukbo!"*

Sa kanayunan may natuklasan din si Ka Layla na ikinatuwa niya nang labis.

*"Dito pala kahit hindi ka nakapagtapos ng abugasya ang mga kasama pwedeng maging abugado. Marami na tayong naresolbang mga problema ng masa gamit ang ating rebolusyonaryong batas at hukumang bayan."*

Ilan lang ito sa mga natuklasan ni Ka Layla dahil bukod sa pagiging abugado sa hukbo ay maaari rin palang maging doktor, nars, titser, inhinyero sa loob ng hukbo.

*"Saan ka pa, 'di ba,"* nagmamalaki niyang pahayag.

Bilang hukbo, hindi naging madali para kay Ka Layla na umangkop sa buhay sa bundok. Pero nagsikap siyang matuto at ipinagmamalaki niya ang kanyang mga natututunan sa kanyang magulang at mga kaibigan. Ilan dito ang pagsibak ng kahoy, paghanap ng gulayin, magpaapoy ng gatong, magluto at magtanim.

*"Kung makikita kong muli ang dati kong propesor na nagsabing mawawala lang daw ang ideyalismo ko, sasabihin ko sa kanya – oo nawala ang ideyalismo ko, kasi hindi madali ang maging hukbo. Marami talagang adjustment. Pero ang pagnanais kong tunay na makapagsilbi sa kapwa, 'yan ang hindi nawawala,"* pagtatapos na paliwanag ni Ka Layla.

## Kasamang Ernie

Sa kanayunan, tipikal sa mga kabataan ang magnais na mag-NPA. Tulad na lamang ni Ka Ernie, 27 anyos, isang manggagawang bukid at ngayon ay isang kadreng pulitiko-militar. Dose anyos pa lang siya, gusto na niyang mag-NPA.

*"Bukod sa dating hukbo ang tatay ko, madalas nagbabase ang mga NPA sa bahay namin sa bundok."* Ngunit ipinagwalang-bahala lang ng nanay niya ang sinabing ito ni Ka Ernie.



Pagsapit niya ng edad 15, nagdeklarang muli si Ka Ernie sa kanyang ina nang kagustuhang magpultaym.

*"Doon na niya ako pinansin at mariin niyang tinutulan ito. Ang sabi niya, bakit ko raw siya gustong iwan, samantalang alam ko naman ang nangyari sa tatay ko?"*

Namatay kasi ang kanyang ama sa isang labanan sa kanilang prubinsya. Pero hindi ito naging hadlang sa kagustuhan niyang mag-hukbo.

Noong una, madalas lang nagboboluntir si Ka Ernie sa mga kasama. Sumasama siya sa paghahakot, mga aktibidad pangkultura tuwing may anibersaryo hanggang sa makakuha ng pag-aaral. Kalaunan naging bahagi na siya ng yunit milisya.

Pero bago siya tuluyang nag-pultaym, bahagyang naabala si Ka Erni ng pag-ibig.

*"Nang 18 anyos ako, naging kasapi ako ng YM, pinapakat kami sa platun ng hukbo para masanay. Pumayag akong pumakat ng isang buwan. Kaya lang, nagtext sa akin ang kasintahan ko noon na umuwi raw ako kung hindi ay mag-break na lang daw kami. Ayun, sa takot kong mawalan ng gelpren, nagpaalam ako sa CO namin. Naku, katakut-takot na kantyaw ang inabot ko sa kanya,"* natatawa niyang kwento.

Ngunit pinili pa rin ni Ka Ernie na maghukbo dahil ayaw talaga ng kasintahan niya noong maghukbo siya.

Para kay Ka Ernie, hindi madaling maging Partidista at hukbo.

*"Marami kang dapat pangibabawan tulad ng mga kaburgisan. Gaya ko, marami akong kalokohan noong bata pa ako pero natuto ako sa mga pag-aaral at praktika ng buhay dito sa hukbo. Natuto akong sumunod sa patakaran at sa pagsasabuhay ng prinsipyo ng Partido."* Sang-ayon dito ang mga kasamahan ni Ka Ernie kaya siya rinerespeto bilang lider.

*"Lagi ko lang inaalala kung bakit ako naririto at kung para kanino ang ginagawa ko,"* pagtatapos ni Ka Ernie.

## Ka Lino

Maraming hukbo ang tumanda na rin sa kilusan. Isa na diyan si Ka Lino, 48 anyos. Trese anyos siya noong unang nakapasok sa kampo ng NPA para dumalo ng anibersaryo. Nang

**"Sa pamamagitan ng paggabay sa kanila at pagpaypay sa alab ng kanilang pagnanais na baguhin ang mundo, payapang maipapasa sa kanila ang pagpapatuloy ng rebolusyon at higit na pagpapaunlad sa mga nasimulan."**

makatapos siya ng elementarya, ayaw na niyang magpatuloy ng hayskul kasi gusto na niyang sumama sa kuya niyang hukbo. Kaya lang, nanaig ang kagustuhan ng kanyang ina na makapagtapos siya ng pag-aaral. Nang mag-16 siya, hindi na siya nakapagkolehiyo. Bukod sa mahirap ang buhay, namatay din ang kanyang ama.

*"Nagtrabaho ako noon bilang helper sa palengke, boy sa tindahan ng hardware at iba pa. Pero hindi pa rin nawawala ang pagnanais kong mag-NPA,"* pagbabahagi ni Ka Lino.



Nang mag-18 na si Ka Lino, natupad ang pangarap niyang mag-hukbo. Sumama siya sa kuya niya nang dumalaw ito sa kanila. Pagsampa ni Ka Lino sa hukbo, naging kasapi siya ng Partido.

*"Marami akong natutunan dahil lagi akong nakakasama sa mga pag-aaral. Pagkatapos, binabadi rin ako ng mga kasama sa gawaing pag-oorganisa. Noong ginawa akong CO ng platun namin, ninerbyos ako. Sabi ko sa sarili ko kailangan kong matuto kaya, lahat ng sinasabi ng political officer namin, sinusulat ko. Pagkatapos, pinag-aaralan ko ito para mas maunawaan ko ang gawaing iniatas sa akin."*

Ipinangako ni Ka Lino na magpakahusay, lalo na nang mabalitaan niya ang pagkamatay ng kuya niya.

*"Idolo ko kasi ang kuya ko kaya kung kinaya niya, kakayanin ko rin ang gawain sa hukbo at Partido,"* aniya.

Binitbit ni Ka Lino ang pagnanais niyang matuto kahit napaibig siya noong 21 anyos siya. Nabighani siya sa isang dalagang anak ng kalihim ng Sangay sa Partido sa Lokalidad sa kinikilusan nilang komunidad. Kaya lang, dahil nasa yugto pa rin siya ng pag-aaral at pag-alam ng gawain bilang CO, nanindigan si Ka Lino.

*"Magpapakahusay muna ako sa gawain, pag-25 ko at saka na ako mag-aasawa."*

Tinupad niya ito. Matapos ang isang taong panliligaw at dalawang taong pagiging magkasintahan ay nagpakasal sila ng kanyang naging asawa nang mag-25 si Ka Lino. Hahanga ang sinuman sa pagkapit ni Ka Lino sa disiplina.

*"Alam mo, dahil mahirap ang buhay sa Partido at sa hukbo, tiniyak ng Partido na gumawa ng mga patakaran na gagabay sa ating pagkilos. Ang hinihingi sa atin ay tumalima sa mga patakaran para mahusay tayong makapagsilbi sa masa. Siguro, ito ang susi sa pagkakaroon ng disiplina sa hukbo at bilang Partidista."*

Ito ang madalas ibahagi ni Ka Lino sa mga kabataang sumasampa sa hukbo, *"kung bata pa lang, puspusan na ang pagnanais nating matuto at ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagdalo sa mga pag-aaral, paglahok sa mga pulong at paggampan ng iba pang mga gawaing pampulitika, tiyak na tatagal tayo rito. Tiyak ang pag-unlad natin para mamuno at lubos na makamit ang hinahangad nating tagumpay."*

Sa ngayon, nagpapatuloy si Ka Lino sa paggabay sa mga kabataang sumasampa sa hukbo.

**Totoong ang kabataan ang kinabukasan ng lipunang Pilipino. Dapat magpatuloy pa ang pag-alam at pagsisikap sa gawain para maipasa ito sa mga kabataan upang hindi masayang ang mga tagumpay na makakamit. Sa pamamagitan ng paggabay sa kanila at pagpaypay sa alab ng kanilang pagnanais na baguhin ang mundo, payapang maipapasa sa kanila ang pagpapatuloy ng rebolusyon at higit na pagpapaunlad sa mga nasimulan. Sa ganitong paraan, matitiyak ang tagumpay na tatamasahin ng mga susunod pang henerasyon.■**

## Barikada sa Barangay Burn, Lunsod Salog para sa sapat at karampatang kumpensasyon sa ASF

*"Bago mag-lockdown sa dara kan Covid-19 inot nang nagkaigwa igdi sa ciudad nin ASF outbreak. Enot sa kataid ming barangay tapos sa samung barangay. Nakadamay na kami sa ground zero. Kaya kan nagtatagabisita na ang Task Force ASF igdi sa lugar mi, nagkaharandal kami. Takot baya ta mawawara si pinagpagalan mi saka mayong kasiguruhan na mabayadan kami,"* napapailing na kwento ng magsasakang si Nay Jeri, lider-masa ng Brgy. Burn. Isa siya sa nanguna sa pagkilos ng masa para sa kanilang kabuhayan laban sa epekto ng *African Swine Flu (ASF).*

Ang ASF ay isang pandemyang umaatake at pumapatay sa mga baboy. Lumaganap ito sa buong daigdig bago pa ang pandemyang Covid-19. Unang lumitaw ang bayrus na nagdudulot ng ASF sa Kenya, Africa noong 1921. Nanatili ang bayrus sa naturang kontinente hanggang 1957. Noong 2007, kumalat ito sa Europa hanggang nakarating sa Asya. Lumaganap ang ASF mula sa dambuhalang mga babuyan at rantso sa mga kapitalistang bansa kung saan walang pakundangan ang paggamit ng mga gamot laban sa mikrobyo. Mula sa pagsilang hanggang paglaki ng hayop, kahit wala itong sakit, ay ihinahalo na ang mga kemikal na ito sa pagkain at tubig bilang para maitulak ang mabilis na paglaki ng mga hayop. Ang matagalang paggamit nito ay nagresulta sa paglakas ng resistensya ng mga bakteryang kalaunan ay hindi na tinatablan ng gamot. Idinudulot nito ang pagkapit ng mga bago at mababagsik na tipo ng impeksyon sa mga inaalagaang hayop. Mabilis na kumakalat ang ganitong mga impeksyon nang hindi nagagamot sa iba pang mga pabrika ng hayop.

Nang muling lumobo ang bilang ng kaso ng ASF sa bansa at buong daigdig noong 2019, labis na malaki ang pinsalang idinulot nito sa kabuhayan ng mga magsasakang nag-aalaga ng baboy, maliliit at malalaking *hog growers.* Wala pang natutuklasang gamot o bakuna laban sa ASF kaya kailangang patayin ang lahat ng baboy sa mga apektadong lugar para pigilan ang pagkalat ng sakit. Sa Kabikulan, nagdeklara ng *red alert* ang ilang mga prubinsya dahil sa mabilis na paglaganap ng naturang sakit sa mga alagang baboy.

**"Dahil sa barikada, nakapag-giit ang nagkakaisang mga residente ng barangay, sa pamamagitan ng kanilang organisasyong masa, na ipaliwanag nang maiigi sa kanila ang mangyayari sa mga alagang baboy. "**

Tuluy-tuloy ang ginawang pagbisita at *mobile checkpoints* ng Task Force ASF upang kunin at patayin ang mga apektadong baboy sa rehiyon ngunit wala namang malinaw na programa para sa bayad-pinsala sa mga apektadong nag-aalaga ng baboy. Maraming kaso ang naitala kung saan itinago na lamang nila ang kanilang mga alagang baboy dahil sa takot na papatayin ang mga ito nang hindi sila binabayaran sa kanilang gastos sa pag-aalaga.

Patung-patong ang limitasyon sa mobilidad ng mamamayan dulot ng pagdedeklara ng magkakasunod na *red alert* para sa bagyong Tisoy, ASF, at kalaunan, militarisadong *lockdown* ng Covid 19. Hindi makapagtrabaho sa kanilang mga sakahan o makapasok sa kani-kanilang mga tinatrabahuan ang masang Bikolano. Wala ring sapat na ayudang dumarating mula sa ipinangako ng papet na gubyerno. Marami ang nalugmok sa higit pang kahirapan at nawalan ng pagkukunan ng panggastos kahit para sa araw-araw na pangkonsumo ng pamilya. Ang patung-patong na balakid sa buhay at kabuhayang ito ang nagtulak sa mga taga-Brgy. Burn na magkapitbisig at organisadong harapin ang usapin ng ASF.

*"Ta yaon na ngani ang Task Force ASF, kinaulay ko na si Nay Minnie saka si iba tang kagrupo na may mga ataman man nin orig na harangan*




*(barikadahan) duman sa may luwasan kan daanan, para dae basta makuha ang mga orig igdi,"* pagbabahagi pa ni Nay Jeri.

Dahil sa barikada, nakapag-giit ang nagkakaisang mga residente ng barangay sa pamamagitan ng kanilang organisasyong masa, na ipaliwanag nang maiigi sa kanila ang mangyayari sa mga alagang baboy. Nang sabihin sa kanilang kukumpiskahin ang mga ito, hindi sila pumayag nang hindi napag-uusapan ang kumpensasyon sa kanilang hanay.

*"Nagparapaki-debati kami sa mga tauhan kan syudad. Egwa sindang kaibahang doktor saka si kapitan. Binasahan ako nin nakasurat sa Ingles. Sabi ko, Bikolon ninda ta dae ko 'yan masasabtan asin ang kadaklan kan tawo igdi, illiterate. Kukuanon daa ninda ang orig ta igwang bayrus. Sabi mi man dae 'yan nindo makukua kun dae nindo bayadan ta pan-o man si ginasto mi dyan,"* natatawang kwento niya.

Sinubukan silang sindakin ng *Task Force* sa pamamagitan ng panghaharas ng mga pulis at pananakot sa kanila. Ngunit, hindi pa rin nagpatinag ang mga residente! Buong-tapang silang naghanap ng pamamaraan upang maigiit ang kanilang karapatan sa kumpensasyon.

*"Tigpi-piktyuran kami kan pulis! Sabi ko sa mga kairiba ko kuhanan nyo man [ng litrato]. Dulag baya an pulis! Dangan, kinaulay otro kami. Kakasuhan daa kami ta hindi ngani kami nagtutugot na basta na sana ku-non si mga orig kun mayong kumpensasyon para sa samuya. Sabi ko, ano man si ikakaso samo?"*

*"Tapos, uminagi si sasakyan kan istasyon nin radyo, pinaraypay mi. Nang magrani samo, nagpa-interbyu kami. Iyo na to! Kinaagahan kato, kinaolay na kami sa barangay kun papan-o babayadan si mga kukuanong orig. Urugmahon baya si mga tawo igdi,"* sabik na kwento ni Nay Jeri.

Bunga ng kanilang sama-samang pagkilos, nakakuha ang mga taga-Burn ng P2,000 para sa bawat biik at P5,000 naman para sa mga inahing baboy. Mayroon pang dagdag na P1,000 mula naman sa lokal na gubyerno. Ilang ulit itong malaki kaysa sa ipinagpipilitan sana ng gubyernong P500 hanggang P1,000 na kumpensasyon.

*"Ang rason mi, ano ang ipangga-gasto mi? Nag-lockdown na urog sa Covid-19! Tigpapurundo na si mga trabaho. Ay, inda!"*

Ang karanasan ng Brgy. Burn ay kongkretong larawan ng tagumpay ng organisadong lakas ng masang anakpawis laban sa isang papet na gubyernong walang malasakit sa kanila. Hindi kailanman maaasahan ang bulok at reaksyunaryong gubyernong magbigay ng nararapat para sa mamamayan nang hindi ito ipinaglalaban ng masa. Sa sama-samang pagkilos at mapagpasyang pagsusulong ng karapatan, ilang ulit na malakas ang hanay ng mamamayan kaysa sa anumang pananakot at banta ng gubyerno upang mapasunod sila nang walang pagsasaalang-alang sa kanilang kapakanan.

*"Sabi pa katong ibang nakaheling sa ginibo mi, makukusugon ngaya si mga boot - mga oragon ngaya kami! Maiisog! Syempre, ta nagtatarabangan kami,"* nakangiting pagtatapos ni Nay Jeri. ■



## Ambus sa prubinsya ng Camarines Norte, Camarines Sur at Albay, tagumpay!

Sa isang panayam, pinagpugayan ni Ka Raymundo Buenfuerza, tagapagsalita ng Romulo Jallores Command – Bagong Hukbong Bayan Bikol ang matagumpay na ambus na isinagawa ng yunit ng Santos Binamera Command – BHB Albay laban sa 31st IBPA sa Brgy. Banquerohan, Legaspi City, Albay noong ika-17 ng Enero 2021. Tatlong maiiksing baril ang nasamsam. Napaslang sina Cpl. Joemar Maravilla, PFC Ronald Zamora at PFC Reymar Palencia at nasugatan naman si Sgt. Ferdinand Ignas. Ang pinaglunsaran ng ambus ay kalapit lang kampo ng *91st Division Reconnaissance Company.*

Samantala, sa isang hiwalay na pahayag, pinagpugayan din ng RJC-BHB Bikol ang Armando Catapia Command – BHB Camarines Norte sa matagumpay na ambus laban sa yunit ng 902nd Bgd. sa So. Manlapat, Brgy. Baay, Labo, Camarines Norte noong Disyembre 12, 2020. Humigit-kumulang 30 elemento ng militar ang nagsasagawa ng tuluy-tuloy na operasyong kombat sa takot na mabigwasan ng Pulang Hukbo bago sumapit ang ika-52 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa huli, hindi tumalab ang kanilang tusong pag-iwas. Tumagal nang higit dalawang oras ang palitan ng putok, mula pasado alas-12 ng tanghali hanggang alas-3 ng hapon. Nakasamsam ang Pulang Hukbo ng dalawang pistolang Glock 9 mm at walong *backpack* kahit hindi dumaan sa pwesto ng mga *command detonated explosives* ang nananalakay na kaaway. Disorganisadong nagtakbuhan ang mga militar sa kaduwagang malipol ng Pulang Hukbo. Habang sa inisyal na ulat, dalawa ang naitalang sugatan sa hanay ng militar na sinakay sa helicopter matapos ang ambus.

Lampas isang buwan bago ang ambus sa Camarines Norte, isang ambus din ang ilinunsad ng Norben Gruta Command-BHB West Camarines Sur laban sa umaatakeng mga tropa ng 9th IB noong Oktubre 22 sa Barangay Tible, bayan ng Lupi, Camarines Sur. Nakakumpiska ang BHB ng dalawang baril at 15 *backpack* na naglalaman ng iba't ibang gamit militar.■

## BHB at mamamayan, nagkaisa laban sa sakuna

Aktibong tumulong ang BHB-Bikol sa mga komunidad ng rehiyon na malalang naapektuhan ng hagupit ng sunud-sunod na malalakas na bagyo mula Oktubre hanggang Disyembre 2020.

Sinalanta ng bagyong Quinta ang Bikol noong huling bahagi ng Oktubre 2020. Nag-landfall ito sa Tiwi, Albay. Sinundan ito ng superbagyong Rolly noong unang araw ng Nobyembre. Nag-*landfall* naman ito sa Bato, Catanduanes at tinaguriang pinakamalakas na bagyo sa taong 2020. Bago magtapos ang taon ay rumagasa naman at tumama sa kalupaan ng Camarines Sur ang bagyong Ulysses na muling naghasik ng bagsik sa mga komunidad na dati nang naapektuhan ng mga naunang bagyo.

Sa gitna ng pandemya at patuloy na pagdausdos ng ekonomya ng bansa, nagdulot ng pinatinding paghihirap ang delubyong dala ng mga nasabing bagyo. *(sundan sa pahina 19...)*

(BHB at mamamayan, mula sa pahina 18...)

Maagap na tumugon ang mga kasapi ng BHB mula sa iba't ibang yunit sa Bikol sa mga pangangailangan ng mamamayang saklaw nila.

Kasama ang mga kasapi ng Sangay ng Partido sa Lokalidad at mga organisasyong masa, nagtulung-tulong ang lahat na maitayong muli ang mga nasirang kabahayan at ayusin ang mga nasirang taniman. Malaking bagay ring nariyan ang mga kooperatiba at mga grupong tulungan kaya hindi na kinailangang hintayin ang tulong mula sa labas at nag-inisyatiba na ang mga organisasyong masa sa pamamahagi ng bigas sa mga apektadong komunidad. Ang mga *relief pack* mula sa mga mapagmalasakit indibidwal at progresibong organisasyon ay nakarating naman sa mga liblib na komunidad.

Tunay na maaasahan lagi ng mamamayan ang mga kasama at kanilang sarili sa panahon ng kalamidad at sakuna. Kailangan ito lalo pa't malinaw na ang reaksyunaryong gubyerno ay hindi kailanman maaasahang unahin ang kapakanan ng mamamayan.■

## Biktima ng death squad ng rehimeng US-Duterte sa Kabikulan, patuloy na lumolobo

Inaasahang higit pang lolobo ang bilang ng mga biktima ng *death squad* ng rehimeng US-Duterte kapag umarangkada na ang mga operasyon ng *marshall squads* ng Philippine National Police (PNP). Idineklarang bubuuhin ang mga ito diumano'y bilang tugon sa dumaraming kaso ng pamamaslang sa kamay ng mga *riding-in-tandem.*

Hindi lingid sa kaalaman ng masang Bikolano na mismong AFP-PNP-CAFGU ang nasa likod ng mga *riding-in-tandem* na ito. Mahigit 30 Bikolano na ang napaslang sa kamay ng mga *death squad* mula 2016 hanggang sa kasalukuyan. Pinakasariwa rito ang pagpaslang kay Wilfredo Ombao sa San Ramon, Donsol, Sorsogon sa mismong araw ng paggunita ng anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar ng diktaduryang Marcos. Nahahanay din sa mga biktima ng *death squad* ng militar at pulis ang mga progresibo at makabayang lider-masa, midya at mga lingkod-bayan tulad nina Nelly Bagasala, Ryan Hubilla, Nepthali Morada, Luzviminda Dayandante, Albert Orlina, Felix Chico, Joey Llana, Nicasio Ebio, Edwin Pura, Pedro Esperida, Jr. at Joseph Baning. Muntik na ring mapaslang ng death squad ang huwes na si Judge Jeaneth Gaminde San Joaquin ng Camarines Sur at ang kanyang kasamahang si Rochelle Martinez.

"*Matagal na itong modus operandi ng mersenaryong hukbo. Wala nang makatutulog nang mahimbing sa gabi, nababahalang dadami pa ang mga rumorondang alagad ng kamatayan sa mga eskinita at kalsada. Tinututok nila ang kanilang mga baril kaninuman at kailanman nila gusto,"* ani Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, sa isang pahayag.

*"Hindi maipagtatanggol ng mismong mga backer ng riding-in-tandem ang mamamayan. Walang ibang solusyon kung hindi papanagutin ang AFP-PNP-CAFGU sa lahat ng krimen nito sa mamamayan. Dapat buwagin ang mga marshall team ng PNP bago pa ito tuluyang makapaghasik ng lagim sa mga komunidad,"* ipinanawagan ni Banua.■

### MGA BIKTIMA NG DUTERTE DEATH SQUAD SA BIKOL (2016-2020)



**2020**
William Ombao
Felix Chico
Luzviminda Dayandante
Albert Orlina
Judge Jeaneth Gaminde San Joaquin
Rocelle Martinez
Rogen Orcales Languido
Danny Boy Pepito, Sr.
Jessie Boy Amador Pepito
Fredo Antipolo

**2019**
Nicasio Ebio
Hermenegildo Domdom
Michael Ismer
Dennis Espano
Nelly Bagasala
Ryan Hubilla
Nepthali Morada

**2018**
Michael Ysolan
Nonong Capellan
Johnel Dejucos
Pablo Delao
Dominggito Delta
Maria Des Dilao Deinla
Dingdong Escorel
Ruel Nunez
Emarlo Gamba

**2017**
Grace Casabar Merilla
Aldrin Sese
Edwin Pura
Angie Restobar
Vicky M. Bunan
Nestor Paloyo
Pedro Esperida, Jr.
Alfredo Espedido III
Joseph Baning
Oscar Jetomo
Salvador Atienza
Wilfredo Buenaobra Brono

## Mamamayan para sa karapatan at pagwawakas ng diktadura




Libu-libong mamamayan, kabilang ang mga Bikolano, ang dumagsa sa kalsada noong Disyembre 10, 2020 Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao upang kundenahin ang malawakang paglabag sa karapatan ng rehimeng Duterte.

*“Walang lockdown para sa karapatan ng mamamayan at ang aming nagpapatuloy na pakikibaka upang ipagtanggol at isulong ito. Nasa aming kolektibong pagkilos ang pagpapanalo ng labang ito sa tiranya at diktadura,”* ani ni Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-National.

Habang nagaganap ang mga kilos protesta sa iba’t ibang bahagi ng bansa ay inaresto sa Mandaluyong City ng mga kasapi ng PNP ang isang mamamahayag, si Lady Ann Salem, tagapatnugot ng Manila Today at anim na organisador ng manggagawa na sina Dennise Velasco, Mark Ryan Cruz, Romina Raiselle, Jaymie Gregorio, Joel Demate at Rodrigo Esparago. Kinasuhan sila ng *illegal possession of firearms, ammunitions and explosives.*

Bago pa man ang nasabing pag-aresto, matagal nang binuwelo ng mga nag-uulol na aso ng *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC)* ang *red-tagging* sa mga kasapi ng mga progresibong organisasyon na dumulo sa pag-aresto hanggang sa pagpatay sa kanila.

Noong Nobyembre 14, 2020 pinaslang ng mga elemento ng yunit ng 2nd IBPA sa pangunguna ni 2nd Lt. Maydem Jomadil si Ronnie Villamor, 50 anyos sa Brgy. Matanglad, Milagros, Masbate. Si Villamor ay isang pastor at mamamahayag ng Doskantos Balita. Imbwelto siya sa pag-iimbestiga sa isang kaso ng pang-aagaw ng lupa sa nasabing lugar at pinaratangang NPA ng mga militar. Ikalimang kagawad ng midya si Villamor na pinaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Iligal namang inaresto ng PNP si Ronaldo Ogama, 74 taong gulang at isang magsasaka sa Brgy. Batbat, Guinobatan, Albay noong Nobyembre 17, 2020. Inakusahan si Ogama bilang isang mataas na lider at aktibong kasapi ng BHB. Siya diumano’y *No. 4 Regional Most Wanted* at may patong sa ulo na P2.2 milyon. Ayon sa Santos Binamera Command BHB-Albay, matagal nang walang kaugnayan sa kilusan si Ogama matapos niyang magpahinga noong dekada ‘80. Mismong mga residente ng barangay ang nagpapatunay na siya’y sibilyan.

Nauna rito, noong Setyembre 7, 2020, inaresto si Baltazar Naparato sa Brgy. Mamlad, Pio Duran, Albay. Tulad ni Ogama, isa rin siyang sibilyang tinaguriang *Most Wanted* ng *PNP Region V*.

Nagpapatuloy pa ang mga *Retooled Community Support Program (RCSP)* sa iba’t-ibang komunidad sa Kabikulan.  Nagaganap dito ang walang habas na pananakot, iligal na pag-aresto at pagpaslang sa mga pinaghihinalaang taga-suporta ng BHB. Ito rin ang kalagayan ng mga kasapi ng mga progresibong organisasyon sa mga sentrong bayan at mga siyudad. Nanatili pa ring nakakulong ang mga progresibong lider na sina Nelsy Rodriguez ng BAYAN-Bikol, Pastor Dan San Andres ng UCCP at Karapatan-Bikol at Ramon Rescovilla ng Condor/Piston.

Sa ibang bahagi ng bansa, pinaslang ng mga elemento ng militar ang mag-asawang sina Eugenia Magpantay at Agaton Topacio sa kanilang tahanan sa Angono, Rizal noong Nobyembre 25, 2020. Mga retiradong kasapi ng komite sentral ng PKP at mga konsultant ng NDF ang dalawa.

Batay sa isang panayam kay Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, “*inaasahan pa ang higit na pag-igting ng karahasan ng desperadong diktador na si Duterte.  Matapang na haharapin ng mamamayan ang hamong ito. Walang lubay silang magbabantay at lalaban  hanggang mapangibabawan at mabigo ang malagim na kampanya  ng rehimeng Duterte.”*■

PRODUKSYON SA REBOLUSYON

## Ang Ampalaya

Isa ang Ampalaya sa mga pananim na maaaring itanim sa buong taon. Hindi ito mahirap patubuin dahil hindi namimili ng panahon. Pinakamaganda itong itanim sa preskong panahon ng karaniwan ay mula Oktubre hanggang Pebrero ng susunod na taon. Makatutulong ang organikong paraan ng pagtatanim upang maging mabunga at hindi pestehin.

Mayaman ito sa mga bitaminang A, C, B1, B2, K at mga *mineral* na *potassium, phosphorus* at *calcium.*

Mainam itong suplementaryo para sa may mga karamdamang gaya ng *diabetes,* kahirapan sa pagdumi, pangontra sa pagsusuka, pangontra sa bulate sa tiyan, ubo at iba pang sakit sa baga, sakit sa balat, sugat, *ulcer, gout* at rayuma.

### Paghahanda ng lupa

Ang ihahandang lawak ng lupang pagtatamnan ay nakadepende kung ang itatanim ay para sa pansariling konsumo o kaya ay pambenta. Batay dito magtakda ng eryang tatamnan.

Una kailangan paluwaging maigi ang lupang tatamnan ng ampalaya. Maaaring gumamit ng araro o piko sa pagbungkal. Gumawa ng plot na may habang tatlong metro, dalawang metrong lapad at isang metrong lalim. Pinuhing mabuti ang lupa hanggang sa maging buhaghag at pantay ito. Maglagay ng sapat na kanal sa bawat plot na gagawin.

Magandang pagtamnan ang *loam* o pinaghalong malagkit at mabuhanging lupa. Kung mahinang klase ang lupa, gumamit ng *compost* bilang pataba.

### Paggawa ng balag o gapangan ng Ampalaya

Gumawa ng balag na may distansyang tatlong metro mula sa isa't isa at dalawang metro naman ang taas. Gumamit ng anumang uri ng kahoy na maaaring gawing poste. Ipatong ng pahalang ang kawayan sa ibabaw ng balag at maglagay ng isang poste sa pagtatamnan ng buto. Gumamit ng pantaling *straw* o *nylon* na ibibitin sa poste. Ito ang magsisilbing gapangan ng ampalaya.

### Paghahanda ng Punla

Gamit ang *nailcutter* o matalas na gunting, bahagyang gupitin ang pinakamatulis na bahagi ng buto. Ibabad ang mga buto sa malinis na tubig sa loob ng 24 oras. Matapos ibabad, mainam kung ibabalot muna ito sa mamasa-masang tela upang bahagyang tumubo ang buto. Ilagay ito sa malamig at madilim na lugar hanggang may lumabas na ugat.



Kapag mayroon nang lumabas na ugat, pwede na itong itanim.

### Pagtatanim ng Ampalaya

Isang buto ang ilagay sa kada butas. Tiyaking maingat ang paglilipat ng punla sa *plot.* Iwasang maputulan ng ugat o 'di kaya'y mabugbog ang punla.

### Pangangalaga ng pananim

Diligan ang ampalaya tuwing umaga at hapon. Ito ang panahong presko ang klima at aktibo ang mga *microorganism* na makatutulong sa paglaki ng ampalaya. Maaaring magtanim ng tanglad o *madre de cacao* sa paligid nito upang makatulong sa pagtaboy ng mga insekto sa halaman.

### Pag-aabono

a. *Vermitea*

Durugin ang balat ng hinog na saging at haluan ng dalawang pirasong pinulbos na balat ng itlog. Tunawin sa isang litrong tubig. Kumuha ng dalawang kutsara nito at ihalo sa hiwalay na isang litrong tubig. Maaari na itong i-*spray* sa mismong pananim.

b. *Urea*

May dalawang pamamaraan sa paggamit sa *urea* bilang abono. Una, bilang pang-spray sa pananim. Kumuha ng isang kutsara ng *urea* at ihalo ito sa anim na litrong tubig. Pangalawa, bilang pataba sa lupang pinagtamnan. Kumuha ng isang dakot ng *urea* at ilagay sa paligid nang may layong pitong pulgada mula sa pananim.

### Pag-ani

Sa loob ng ilang buwan mamumulaklak na ang pananim. Matapos nito maghintay ng 18-20 araw bago anihin ang bunga.


Ang pagtatanim ng gulay ay makatutulong sa pagsustine ng pang-araw-araw na pangangailangan ng komunidad. Ang mga gulay, gaya ng ampalaya, ay mapakinabangan bilang pagkain o produktong pambenta.■

Kaalamang MEDIKAL

## BAKUNA, HINDI DIKTADURA!
## Ang Kontramamamayang Programa ng Rehimeng US-Duterte sa Pagpapabakuna

Isang taon mula nang unang tumama ang Covid-19 sa buong daigdig, wala pa ring konkretong plano ang rehimeng US-Duterte sa pagharap sa pandemya at kahit sa pagpapabakuna ng mamamayang Pilipino. Napako na lamang ang ilang buwang pangako ni Duterte at ng kanyang *National Task Force (NTF)* sa pagdating at ganap na roll out ng bakuna sa bansa. Habang patuloy na pinaaasa ang mamamayang Pilipino, busog-lusog si Duterte at ang kanyang mga kasapakat sa pagkubra ng limpak-limpak na perang pambili umano ng mga bakuna at pondo para sa pagbangon mula sa Covid-19. Pinatutunayan nito ang kainutilan, kriminal na kapabayaan at kawalan ng suporta ng rehimen sa mamamayang sinumpaan nitong pagsilbihan.

Handog ng Silyab ang pampletong ito bilang bahagi ng pambansang pagsisikap ng CPP-NPA-NDFP na magpalaganap ng impormasyon hinggil sa mga bakuna at Covid-19.




### Ano ang programa ng rehimeng US-Duterte sa pagbabakuna ng populasyon?

Walang programa ang rehimeng US-Duterte sa pagharap sa Covid-19 at sa pagbabakuna ng populasyon. Walang suportang ibinigay para sa mga lokal na mananaliksik upang makalikha ng isang bakuna. Iniwan ng rehimen sa ere ang mamamayan at hinintay na lamang ang ibang bansang makalikha ng bakuna. Iniasa nito ang buhay ng mahigit 100 milyong Pilipino sa kamay ng malalaki at sakim na *pharmaceutical company.*

Ngayon, ang tanging plano ng rehimeng US-Duterte upang punan ang diumano'y kakulangan ng pondong pagkukunan para bumili ng bakuna ay umutang mula sa ibang bansa.

Balu-baluktot din ang prayoridad ng gubyerno sa pagpapabakuna. Bagamat ayon sa prayoridad ng rehimeng US-Duterte ay pang-apat pa ang mga elemento ng AFP at PNP, nauna nang mabakunahan ang ilang kasapi ng *Presidential Security Group (PSG).* Nitong Disyembre 2020 hanggang Enero 2021, nauna na ring mabakunahan ang ilang Tsinong opereytor ng *Philippine Offshore Gaming Operations (POGO),* at ilang kasapi ng gabinete kahit wala pang upisyal na bakunang dumarating sa bansa. Ang pinakamalubha, walang tiyak na programa upang tiyaking mabakunahan ang mga maralitang wala namang pera para makabili ng bakuna.

Lubhang kapos din ang bilang ng bakunang binibili ng rehimeng US-Duterte. Sa P4.3 trilyong badyet para sa 2021, P1.1 trilyon ang mapupunta sa banderang programang *Build, Build, Build (BBB).* Samantala, P82.5 bilyon lang ang badyet para sa pagbili ng mga bakuna.

### Mahalaga bang magpabakuna? Masosolusyunan ba nito ang pandemya?

Mahalaga ang bakuna bilang karagdagang proteksyon para sa mamamayan sa panahong patuloy pa ring kumakalat ang pandemya. Gayunpaman, hindi katumbas ng pagkakadiskubre ng bakuna ang paglaho ng Covid-19. Dapat sundin pa rin ng isang indibidwal ang *health protocols* tulad ng pagsusuot ng *face mask,* personal na sanitasyon at kalinisan ng kapaligiran upang maging ligtas mula sa Covid-19 kahit nabakunahan na.

Kinakailangan ng higit na komprehensibong plano para sa pagharap sa Covid-19, kabilang na ang pagpapaunlad sa kapasidad ng bansang magkaroon ng lalong malalim na pananaliksik hinggil sa bayrus. Ayon mismo sa pag-aaral ng *World Health Organization (WHO),* ang pinakaepektibong pagharap sa pandemya ay

ang pagtitiyak ng *mass testing* at *contact tracing* upang kagyat na malaman kung sinu-sino ang nagpapakita ng sintomas at mabigyan sila ng atensyong medikal.

Ngunit hanggang sa kasalukuyan, konsentrado ang *testing centers* sa Maynila at tatlo lamang ang mayroon sa buong Bikol. Ibig sabihin nito, mayroong 1,932,330 Bikolanong dapat maserbisyuhan ang bawat *testing center* sa rehiyon. Sa ganitong sitwasyon, aabot mahigit dalawang dekada bago matapos ang *testing* ng lahat ng Bikolano kahit pa tuluy-tuloy ang operasyon ng mga *center, rapid testing* ang gamitin at mayroong kapasidad ang bawat *center* na makapag-*test* ng 50 tao kada dalawang oras.

Para sa higit na pagpapalalim ng kaalaman hinggil sa mga bakunang maaaring dumating sa bansa, narito ang ilang mga detalye.

### Gumagamit ng iba't ibang teknolohiya ang mga bakuna para sa Covid-19:

1. **Adenoviral Vector-Based -** Mayroong ibang *genetic material (protein)* sa porma ng isang bayrus na ipapasok sa pamamagitan ng bakuna upang alisin ang *gene* na nagdudulot ng *infection.* Ligtas ang bayrus na ipapasok sa katawan. Sapat ito upang tulungang paganahin ang *immune system* at makalikha ng *antibodies.*

2. **mRNA** - Bahagi lamang at hindi kabuuhan ng *genetic code* ng *coronavirus* ang ipapasok sa katawan gamit ang bakuna. Makasasapat ito upang itulak ang *immune system* na gumana at labanan ang sakit.

3. **Inactivated vaccine** - Gumagamit ng patay na bayrus para mailantad ang *immune system* sa bayrus nang walang panganib na magkaroon ng malubhang epekto. Ganito ang ginagamit na teknolohiya ng mga bakuna para sa trangkaso *(flu)* at bulutong-tubig *(chicken pox).*

**"Mahalagang hakbang bago magpabakuna ang malaman kung anu-ano ang mga kontraindikasyon ng mga ito. Upang epektibong malaman, kinakailangang maging mulat ang isang indibidwal sa kabuuhang kalagayan ng kanyang kalusugan."**

### Pagkukumpara sa mga Bakuna, Teknolohiyang Gamit at Kontraindikasyon ng mga ito

Mahalagang hakbang bago magpabakuna ang malaman kung anu-ano ang mga kontraindikasyon ng mga ito. Upang epektibong malaman, kinakailangang maging mulat ang isang indibidwal sa kabuuhang kalagayan ng kanyang kalusugan, laluna kung anu-ano ang nakakapagdulot ng *allergic reactions* at kung mayroong mga sangkap ang bakunang makaaaapekto sa kasakukuyan at dati nang mga sakit.

Hanggang sa kasalukuyan, nagsasagawa pa rin ang mga *pharmaceutical company* na lumikha ng mga bakuna ng karagdagan at mas malalim na pag-aaral hinggil sa mga ito. Ang tatalakayin dito ay kulumpon ng mga datos na nakuha mula sa mga pag-aaral na kasalukuyang naisagawa.

Karaniwang epekto sa mga taong nagapapabakuna ang makaramdam ng pagod, pananakit ng kalamnan, pananakit ng bahagi kung saan itinurok ang bakuna, lagnat at *allergic reactions.* Ayon sa mga eksperto, patunay itong gumagana ang *immune system* ng isang tao. Dapat lamang mabantayan ang malulubhang tipo ng *allergic reaction* tulad ng sumusunod: kahirapan sa paghinga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mabilis na pulso, malalang butlig-butlig sa buong katawan, pagkahilo at panghihina.

Nitong Disyembre 2020, nakapagtala ng dalawang kaso sa UK na nagkaroon ng *allergic reaction* matapos magpabakuna gamit ang *Pfizer-BioNTech.* Sinusuri pa ng mga eksperto kung epekto ito ng bakuna o iba pang sakit ng mga naturang indibidwal. Gayunpaman, pinagbawalan na ng UK ang mamamayan nito na kuhain ang pangalawang *dosage* ng *Pfizer-BioNTech* matapos makaranas ng matinding *allergic reaction* ang dalawang nagpabakuna. Mismong *Pfizer* ang umaming hindi nila naisama ang mga indibidwal na mayroong kasaysayan ng



mabibigyan ng angkop na solusyon ang pandemya. Dahil dito, kinakailangang paigtingin ang kampanyang masa sa paggiit ng karapatan sa maayos at abot-kayang serbisyong medikal at iba pang karapatang tao.

Sigaw ng taumbayan, "Bakuna, hindi diktadura!" Ngayon, kinakailangang palakasin ang paglaban sa lahat ng kontramamamayan at pasistang patakarang itinutulak ng rehimeng US-Duterte at igiit na bigyang-prayoridad ang pagharap sa Covid-19 – higit sa lahat, ang libre, ligtas at malawakang *testing, contact tracing, check-up* at pagpapabakuna para sa lahat.

matinding *allergic reactions* sa mga nahuli nilang *trial.*

Hindi naman nakitaan ng malulubhang *side effect* ang paggamit ng CoronaVac, na gumamit ng *Inactivated Vaccine.* Sa isang pag-aaral ng *The Lancet*, isang *medical journal*, pananakit lamang sa bahagi ng katawan kung saan tinurukan ng bakuna ang iniulat na nararamdaman ng mga kalahok sa *clinical trials* sa *Jiangsu Provincial Center for Disease Control and Prevention* sa Tsina. Kumpara sa mga bakunang gumamit ng *mRNA,* mas kakaunti ang nakaranas ng lagnat matapos mabakunahan. Mahigit 700 indibidwal ang isinama sa pag-aaral na ito.

Paliwanag naman ng *AstraZeneca*, hindi naman ibig sabihing ang naitalang mababang bisa nito kumpara sa ibang bakuna ay hindi ito magiging epektibo laban sa Covid-19. Higit pa ring mataas ang 62% na bisa nito kaysa sa 50% na bisa ng mga bakunang ginagamit sa trangkaso at bulutong-tubig.

Inaasahang higit na marami pa ang mga madidiskubre hinggil sa mga bakuna sa panahong lalo pang marami ang natuturukan ng mga ito. Anumang bakuna ang gamitin, kailangang tiyakin ng mamamayang angkop ang pipiliin nilang bakuna sa kalagayan ng kanilang kalusugan.

**Ano ang dapat gawin?**

Ang tanging maaasahan ng mamamayang Pilipino sa pagharap sa Covid-19 ay ang kanilang mga sarili. Hanggang patuloy na umiiral ang bulok na sistema at nananatili sa poder ang rehimeng US-Duterte, hindi

Mahalaga ang *medical check-up,* laluna sa yugto bago ang pagpapabakuna, upang matiyak na ligtas at akma ang tipo ng bakunang ituturok sa kanila.

Dapat magtulungan ang rebolusyonaryong kilusan kapwa sa kanayunan at kalunsuran upang makapagpalaganap ng sapat na impormasyon hinggil sa mga bakuna at pakinabang ng pagpapabakuna para mapawi ang agam-agam ng masa. Sa kasalukuyan, ilinulunsad ng CPP ang pambansang kampanya para sa Covid-19 *information* at r*elief drive.*

Mahalaga ring suportahan ang inisyatiba ng mga anti-imperyalistang bansang tulad ng Cuba sa paglikha ng abot-kayang bakuna para sa mamamayan. Nitong Disyembre 2020, mayroon na silang dalawang bakunang nasa *clinical trial stage* – ang Soberana 01 at Soberana 02. Ngayong 2021, nadagdagan pa ng dalawa ang pinauunlad nilang bakuna. Ang ilan sa mga ito ay ipamamahagi sa publiko sa pakikipagtulungan sa Iran, isa ring anti-imperyalistang bansa.

Kasabay nito, dapat igiit ang pagpapaunlad at pagkakaroon ng pondo para sa higit na malalim na pagsisiyasat hinggil sa bakuna at sa mga bagong tipo ng Covid-19 na lumalaganap na sa Pilipinas at ibang bansa. Susi rito ang lalong aktibong pagpapagana ng mga makinarya ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP), Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) at mga subkomite sa kalusugan ng mga rebolusyonaryong samahang masa at komiteng rebolusyonaryo. ■

# Diwang Rebolusyonaryo

## Ang Larawan



***Mainit kaysa karaniwan nang hapong iyon. Ni walang hanging makababawas sana sa alinsangan ng panahon. Pero nagkakagulo at nag-uumpukan ang mga taumbaryo sa labas ng mga bahay nila. Hindi maiwasan ni Pining na sumilip mula sa kanilang bintana.***

***"Magandang balita! Wala na raw si Warren Tan! Naparusahan na ang rapist!"***

***Dahan-dahang tumalikod si Pining. Naririnig pa rin niya ang usapan at hiyawan ng mga tao sa labas. Buong pag-iingat niyang kinuha ang litratong nakasabit sa dingding at ilinapit sa kanyang dibdib. Pinagmasdan niya ang larawan. Nakikita niya ang repleksyon ng kanyang mga matang nangingilid na ang luha.***

***"Tapos na ang paghihirap mo, anak," bulong niya. "May hustisya na para sa iyo." Tuluyan nang humagulgol ang inang yakap-yakap ang litrato ng kanyang nag-iisang anak. Ipinikit niya ang mga mata habang paulit-ulit na sinasambit ang pangalang kailanma'y hindi nawalay sa kanya – Maricel.***

---

Anim na taon na ang nakararaan, pero parang kahapon lamang nangyari ang lahat sa isip ni Pining. Hapon din nang magpaalam si Maricel sa kanyang ina para lumabas at maglaro kasama ng mga pinsan.

*"Duman man sana kami sa harani kan salog, Ma,"* paalam ng 10 taong gulang na bata.

*"Oh basta dae kamo magpadiklom ha. Ay! Magbakal ka palan katol pag-uli mo,"* paalala niya habang nagluluto ng hapunan nila. Naririnig niya ang tawanan ng magpipinsan. Hindi na niya liningon pa ang anak. Hindi rin niya sukat akalaing ito na ang huling beses na maririnig niya ang tawang iyon.

*"Indoy, hain na daw sinda Maricel? Dae pa baga nag-uuli. Banggi na baga,"* nag-aalalang tanong ni Pining sa asawa.

Lumabas ang asawa niya para hanapin ang kanilang anak. Pinuntahan ni Indoy ang ilog na pinuntahan nina Maricel para maglaro. Wala ang bata. Inisa-isa nilang mag-asawa ang mga pinsan nitong nagsiuwi na pala sa kani-kanilang mga bahay bago pa magdilim. Nagtaka sila dahil kasabay nila si Maricel umuwi. Dumaan lang ito sa tindahan para bumili ng katol. Pinuntahan din ng ama ang tindahan malapit sa kanila. Pero sabi ng kumare niyang tindera, kanina pa nakaalis ang bata - dala ang katol na pinabibili ng ina.

Pag-uwi nila, nagpasya silang magpatulong na sa kapitan ng baryo para hanapin ang nawawalang bata. Kasama ang mga tanod at taumbaryo, sinuyod nila ang bawat sulok ng baryo na maaaring puntahan ni Maricel.

Makalipas ang ilang araw, nakarating sina Kapitan sa katabing baryo. Nag-aagaw pa lamang ang liwanag at dilim nang matagpuan nila ang bangkay ni Maricel. Sa loob ng isang abandonadong kubo. Sa dulo ng daan papunta sa Hacienda Tan.

Hindi makakalimutan ni Pining ang tumambad sa kanya. Ang kanyang anak. Wala nang buhay. Wala itong suot na damit pambaba at tadtad ng saksak ang musmos na katawan.

Parang pinilipit ang kanyang dibdib. Hindi siya makahinga. Pumalahaw siyang para bang hindi mauubos ang kanyang mga hiyaw at luha. *Kawawang anak ko! Bakit siya ginanito? Ano ang kasalanan niya?*

Lumipas ang mga araw nang hindi namamalayan ng nagluluksang mag-asawa. Nagsisimula at natatapos ang mga araw na gaya lamang ng mga nakaraan. Ang nagtutulak sa kanilang magpatuloy ay ang kagustuhang mabigyan ng hustisya si Maricel. Bagamat dinudurog ang mga puso ay hindi sila nagpaawat sa paghahanap ng mga palatandaang makapagtuturo sa salarin.

Nang mailibing na ang anak, lumapit ang mag-asawa sa kalihim ng Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) at nagpatulong na makausap ang mga kasama. Kagyat namang nakipagkita ang mga kasama sa mag-asawa.

*"Dae na kami magpaparalikay pa mga kasama. Boot mi kutang matawhan ning hustisya an nangyari sa samuyang aki,"* pahayag ni Indoy. Pinisil ni Pining ang kamay ng asawa. Nagtama ang mata ng dalawa.

*"Egwa na kaming testigo. An gusto mi, makua nindo an saiyang salaysay. Boot ming maparusahan an nanlugos asin nanggadan kay Maricel,"* pagpapatuloy ni Indoy.

Ipinatong ni Ka Chito, pampulitikang instruktor ng platun ng BHB na sumasaklaw sa baryo ng mag-asawa, ang kanyang kamay sa balikat ni Indoy.

*"Namumundo man kami sa pagkagadan ni Maricel. Nasasabutan mi an inaagihan nindo ugaring dai kami maaaring basta na sana magpataw kang parusa, Indoy. Kaipohan tang matamang mag-imbestiga. An solamenteng maipopromesa mi - gigibuhon mi an gabos ngaring makua ta an hustisya para kan Maricel,"* pahayag niya habang diretsong nakatingin sa mata nina Indoy at Pining.

Hindi nagtagal, sinimulan na ng yunit ng Pulang Hukbo ang imbestigasyon. Sa pangunguna ng yunit nina Ka Chito, nangalap ang mga nakatalagang mag-imbestiga ng mga pahayag, ebidensya at iba pa. Isa sa mga nakuha nilang testimonya ay yaong sa isang binatang nagtatrabaho sa Hacienda Tan.

Ayon sa pahayag ng binata, nang maganap ang krimen ay naglalakad siya pauwi mula sa hasyendang pinagtatrabahuan. Pagliko niya sa malaking daan, napansin niyang may umuungol. Akala niya ay kung anong hayop ito. Nang linapitan niya kung saan nanggagaling ang ingay, tumigil na ito.

Napansin niya ang isang sira-sirang kubo sa 'di kalayuan. Lumabas mula rito ang isang lalaki – si Warren Tan. Ang anak ng amo niyang panginoong maylupa. Sinuklay pa nito ang buhok gamit ang mga daliri at inayos ang suot na pantalon. Gumilid ang binata at dahan-dahang umatras pabalik sa malaking daan. *Nag-ano kaya duman si Sir Warren?*

Kinabukasan, nabalitaan na niya ang mga kwento tungkol sa isang batang babaeng ginahasa at natagpuang patay sa lugar sa kung saan niya nakita ang anak ng kanyang amo. Noong una, ayaw pa sana niyang magsalita. Dati na kasing bantog ang pamilyang Tan sa pagiging malupit nito sa mga trabahador. Maraming beses na rin silang nadawit sa usapin ng pagpapasok ng droga sa kanilang bayan at maging sa mga kaso ng pangmomolestya. Pero sa lahat ng kasong kanilang kinasasangkutan, lagi silang nakalulusot dahil sa mga kamag-anak nilang pulitiko sa prubinsya.

Makapangyarihan talaga ang mga Tan. Tatlong daang ektarya ang niyugan na pagmamay-ari nila. Matagal na panahon nilang pinaiiral ang tersyong hatian pabor sa

"Dae na kami magpaparalikay pa mga kasama.
Boot mi kutang matawhan ning hustisya an nangyari sa samuyang aki,"
pahayag ni Indoy.

panginoong may-lupa. Nabago lamang ito nang ipaglaban ng organisasyon ng mga magsasaka ang 50-50 awas-gastos na kalakaran sa hatian. Bagamat ganoon, nananatili pa rin ang pagsasamantala ng mga Tan sa mga magsasaka. Madalas silang kumuha ng mga pulis at grupong paramilitar para harangin ang mga piket ng mga magasasaka. Nasa *payroll* din kasi nila ang hepe ng pulis sa bayan.

Pero dahil nakonsensya ang binata at naawa sa mga magulang ni Maricel, pumayag na rin itong magsalita. Ang pakiusap lang niya ay maisaalang-alang ang kanyang seguridad. Ginarantiyahan naman ito ng mga kasama.

Sa proseso ng pag-iimbestiga, napatunayan ng mga kasamang si Warren Tan ang salarin sa panggagahasa at pagpatay sa batang si Maricel. Nalantad din ang iba pa niyang mga krimen. Madalas itong maglasing at manggulo sa sentrong bayan. May ilang mga dalaga ring pinagsamantalahan. Mga barkada nito ang mga pulis sa bayan kaya anuman ang gawin niya, hindi siya nakukulong.

Batay sa bigat ng kanyang mga krimen, nagpasya ang hukumang bayan na parusahan si Warren Tan ng kamatayan.

Matagal na panahon ding pinadronan ng mga kasama si Warren. Hindi naging madali ang pagpapataw ng kaparusahan. Mailap si Warren at madalas na maraming maton at armadong tagapagbantay.

Sa paglipas ng ilang taon, hindi naiwasan ng mag-asawang mainip. Nang minsang madaanan sa palengke nina Indoy at Pining ang lasing at nagwawalang si Warren, hindi na napigilan ni Pining ang kanyang sarili.

*"Huna ko baya Indoy, gagadanon na 'yan,"* naiinis na wika ni Pining sa asawa. Gustong patigilin ni Indoy ang asawa. Kaya lang, inuunawa rin niyang hindi pa ito nakakarekober sa pagkawala ng nag-iisa nilang anak. Sinubukan din sana nilang isampa ang kaso sa *Justice Hall* sa bayan, ngunit hindi umusad ang kaso dahil sa dami ng papeles na hinihingi mula sa mag-asawa at laki ng perang pambayad dapat sa kung sinu-sino. Dahil din sa mahigpit na kapit at impluwensya ng pamilyang Tan, lalong hindi nila inasahang maparurusahan ng reaksyunaryong gubyerno ang isang rapist na gaya ni Warren.

*"Shhh, dae ka magribok, tibaad madangog ka kan mga badigard kaiyan. 'Mus na, ta sasaro na sana an traysikel paduman sa satuya."*

Pinanatag na lamang ni Indoy ang asawang maigagawad din ng mga kasama ang hustisyang matagal na nilang hinihintay.



***Nakapikit pa rin si Pining nang lapitan ni Indoy at yakapin mula sa likod. Ilang minutong ganoon lamang silang dalawa. Tahimik na umiiyak. Umiiyak sa galak na sa wakas ay nakamit na rin nila ang hustisya para sa kanilang mga anak. Matapos punasan ang tumulong luha sa litrato ng kanilang anak, muli itong isinabit ni Pining sa kanilang dingding. Dahan-dahang lumapit sa mag-asawa ang nagmamasid lamang na si Ka Chito.***

***"Salamat! Kamo an samuyang tunay na hukbo," bulong ni Indoy. Ngumiti at tumango si Ka Chito habang minamasdan ang larawan.***

*Ito ay alay sa lahat ng inaapi at pinagsasamantalahan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Makaaasa ang sambayanang Pilipino na nananatili at mananatili ang kanilang tunay na hukbo – ang BHB, sa mapagpasyang pagkakamit ng rebolusyonaryong hustisya at pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.* ■

# kurit kang Agipo

## *Para kay R*

Ikaw ang ligaya
na ang iniluwal ay tao
ang halakhak mo
mahahawa kahit sino

Sa iyong pamilya at komunidad
ikaw ay tumulong
sa mga kapatid at kaibigan
hindi madamot sa gawa at
dunong

Sa iyong paglayag
natuklasan mo ang lawak ng
mundo
natuklasan mo ang kakayahan
mo
natuklasan mo ang Partido

At marami pa ang nakibahagi
sa iyong saya at sipag
nakamit mo sa rebolusyon
ang militansya at tikas

At marami pang pamilya at
komunidad
ang iyong tinulungan
mga kasama at masa
hindi mo pinagdamutan

Nagpatuloy ka sa paglayag
nadiskubre mo ang mas
malawak na mga bayan
nadagdagan ang karunungan
natuklasan mo ang tunay na
paninindigan

Ngunit sadyang may hangganan
ang ating panahon
Sadyang tumitigil
ang mga pagkakataon

Ngunit sa iyong pag-alis
iniwan mo ang mga alaala
ang halakhak at saya
ang mga aral na amin ngayong
dala-dala

**Lagi naming kapiling ang iyong
diwa
ikaw na puno ng tuwa
umaapaw ito sa aming mga
puso
at umaasang darami ang mga
katulad mo, kasama.**

